# The Story of GOD

## Part Two
## From Conquest to Kingdom



TREASURING CHRIST PH

Scripture quotations marked (MBB) are taken from *Magandang Balita Biblia* © 2012 Philippine Bible Society, used with permission.

Scripture quotations marked (ASD) are taken from *Ang Salita ng Dios* © 2010 Biblica Publishing, used with permission.

Bible illustrations are from © Sweet Publishing, https://www.unfoldingword.org/sweet-publishing/.

*The Story of God: Part 2 (From Conquest to Kingdom)*
© Copyright 2020 Derick Parfan, All rights reserved.

Published by Treasuring Christ PH Publishing
Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., cor. Cunanan St., Concepcion, Baliuag, Bulacan

For more resources, please visit our website (http://treasuringchristph.org) and Facebook page (http://facebook.com/treasuringchrist.ph/).


# Contents

Chapter 24 – Conquest of the Land ........ 1
Chapter 25 – Rest in the Promised Land ........ 5
Chapter 26 – Cycles of Rebellion ........ 9
Chapter 27 – Gideon ........ 12
Chapter 28 – Samson ........ 15
Chapter 29 – Violence in Bethlehem ........ 19
Chapter 30 – Ruth ........ 22
Chapter 31 –Samuel and Saul ........ 27
Chapter 32 – Rejection of Saul ........ 31
Chapter 33 – David and Goliath ........ 34
Chapter 34 – David and Saul ........ 39
Chapter 35 – Death of Saul ........ 44
Chapter 36 – King David ........ 48
Chapter 37 – God's Promise to David ........ 52
Chapter 38 –David's Prayer ........ 55
Chapter 39 – David's Sin ........ 58
Chapter 40 – David's Repentance ........ 61
Chapter 41 – Temple Preparations ........ 64
Chapter 42 – Solomon's Wisdom ........ 68
Chapter 43 – Solomon's Temple ........ 72
Chapter 44 – The Song of Solomon ........ 76
Chapter 45 – Solomon's Fall ........ 79
Chapter 46 – Solomon's End ........ 82

# Chapter 24 – Conquest of the Land

Story from **Joshua 1-6**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Sinabi ng Diyos kay Josue, *"Ibibigay ko sa inyo ang lupang ipinangako ko, lahat ng maaapakan ng inyong paa. Wag kang matakot. Sasamahan kita tulad ng pagsama ko kay Moises. Magpakatatag ka at magpakatapang. Basahin mo palagi ang Aklat ng Kautusan, pagbulayan araw at gabi, at sundin ang lahat ng iniuutos ko. Kung ganito ang gagawin mo, magtatagumpay ka."*

Bago sumalakay ang mga Israelita, nagpadala muna si Josue ng dalawang espiya sa lungsod ng Jerico. Pinatuloy sila roon sa bahay ni Rahab, isang babaeng bayaran. Pero nabalitaan ng hari ang pagdating nila kaya pinasabihan niya si Rahab, *"Palabasin mo ang mga espiyang iyan!"*

Sumagot si Rahab, *"Totoo nga pong may nakituloy rito. Pero hindi ko alam kung taga-saan sila. Kanina pa sila umalis. Dalian n'yo baka maabutan n'yo pa sila."* Pero ang totoo, itinago ni Rahab ang dalawang espiya sa bubong ng bahay niya.

Pagkaalis ng mga tauhan ng hari, sinabi ni Rahab sa mga espiya, *"Natatakot na ang mga tao dito dahil alam naming ibinigay na ng Diyos sa inyo ang lupang ito. May nagkuwento kasi sa amin kung paano niya hinati ang dagat nang lumabas kayo sa Egipto. Pati kung paano n'yo pinatay ang ibang mga hari, naikuwento din sa amin. Ang Diyos n'yo ay ang Diyos ng langit at lupa. Kaya natatakot kami. Kung maaari, tulungan n'yo ako at ang aking pamilya, huwag n'yo na kaming patayin."*

Sumagot ang mga espiya, *"Sige, hindi namin gagalawin ang buong pamilya mo. Basta pagdating namin, magtali ka ng pulang lubid sa bintana ng bahay mo, at tiyakin mong lahat ay nasa loob ng bahay."* Pumayag si Rahab, at pinatakas n'ya na ang dalawang espiya.

Pag-uwi ng mga espiya, ibinalita nila kay Josue, *"Totoong ibinigay na ng Diyos ang buong lupain sa atin. Takot na takot sa atin ang mga tao roon."*

Maagang-maaga pa'y bumangon na ang mga Israelita. Nagkampo muna sila sa may Ilog ng Jordan bago tumawid at pumasok sa Jerico. Sinabi ni Josue sa mga tao, *"Linisin n'yo*

*ang inyong sarili dahil bukas gagawa sa inyo ang Diyos ng mga kamangha-manghang bagay."*

Anihan noon at umaapaw ang ilog. Umalis na ang mga tao at tumawid sa ilog. Sa paglusong ng mga pari sa ilog, biglang huminto sa pagdaloy ang tubig. Kaya nakatawid sa tuyong lupa ang mga tao.

Sinabi ng Diyos kay Josue ang mga dapat gawin sa pagsalakay sa Jerico, at sinunod ni Josue ang lahat ng iniutos sa kanya. Kinabukasan, maagang bumangon ang mga Israelita. Gaya ng bilin ng Diyos, pito sa mga pari ang may bitbit ng Kahon ng Kasunduan at nagpapatunog ng kanilang mga trumpeta. Ganoon din ang ginawa ng mga sundalong nasa harap at likuran nila. Walang tigil sa pagtunog ang mga trumpeta habang naglalakad sila paikot sa lungsod ng Jerico. Ganito ang ginawa nila sa loob ng anim na araw.

Sa ikapitong araw, gaya ng bilin ng Diyos, bumangon sila madaling araw pa lang, at pitong beses naman silang umikot sa lungsod. Pinatunog ng mga pari ang trumpeta nila at nagsisigaw ang mga tao. Gumuho ang pader ng lungsod at lumusob sila. Pinatay nila ang lahat ng lalaki at babae, bata at matanda, at lahat ng mga hayop, at sinunog ang buong lungsod. Si Rahab lang at ang kanyang pamilya ang naligtas.

Nagtagumpay si Josue at ang mga Israelita dahil kasama nila ang Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento...



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento...



1. Ayon sa mga nakaraang bahagi ng Kuwento, ano ang natatandaan n'yong ipinangako ng Diyos kay Abraham at sa bansang Israel? Ano dito ang nabigyan na ng katuparan sa kuwento ngayon?

2. Ano sa tingin n'yo ang nararamdaman ni Josue sa tungkuling ibinigay sa kanya? Bakit mahalaga ang mga sinabi ng Diyos sa simula ng kuwentong ito?

3. Ano ang "tagumpay" na binabanggit ng Diyos kay Josue? Ano ang kinalaman ng tagumpay na ito sa pagbabasa at pagsunod ng Aklat ng Kautusan?

4. Paano mo nakikitang totoo ito sa sarili mong buhay?

5. Ano ang naging reaksiyon o naramdaman mo sa ginawang paglusob ng Israel sa Jerico at pagpatay sa lahat ng tagarito? Bakit mahirap para sa ating tanggapin ‘to? Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos?


6. May nakaligtas ba na taga-Jerico? Paano sila naligtas? Ano ang ipinapakita nito sa layunin ng Diyos pati sa mga di-Israelita?

7. Sa kuwento ngayon, paano ipinakita ng Diyos na siya ang nagbibigay ng tagumpay? Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos?

8. Ang ibig sabihin ng pangalang Josue ay “Diyos ang nagliligtas.” At diyan din hango ang pangalan ng Panginoong Jesus (Yeshua). Paano ipinapakilala sa kuwentong ito ang tungkol kay Jesus at sa kanyang ginawa at gagawin pa para sa atin? Basahin ang **Hebreo 2:14-15**; **1 Corinto 15:57**; at **Pahayag 19:11-21**.

9. Paano natin maiuugnay ang kuwentong ito sa pananalangin natin para sa ating pamilya, para sa ating iglesia, at para sa ating bayan? Anu-anong hakbang ang gusto ng Diyos na gawin natin para magtagumpay sa laban?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Tiyak ang pagpaparusa ng Diyos sa lahat ng mga makasalanan. Ngunit tiyak din ang katuparan ng pangakong pagpapala para sa kanyang mga pinili.
- ✓ Ang Diyos ang nagbibigay ng tagumpay sa katuparan ng layunin ng Diyos. Dahil doon, dapat tayong magpakatatag at magpakatapang sa laban.
- ✓ Ang tagumpay ay hindi nakasalalay sa atin kundi sa pagsama at pagkilos ng Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Josue 1-3, 6.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Josue 1:9**, “Alalahanin mo palagi ang bilin ko sa iyo: Magpakatatag ka at magpakatapang. Huwag kang matakot o kaya’y manghina, dahil ako, ang PANGINOON na iyong Diyos ay sasaiyo kahit saan ka pumaroon” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Gives Victory to His People” sa http://bit.ly/11victory.

# Chapter 25 – Rest in the Promised Land

Story from **Joshua 7-24**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Iniutos ng Diyos na lubusang wasakin ang buong lungsod ng Jerico, at huwag kumuha ng anumang bagay na nakalaan para sa Diyos. Pero kumuha pa rin si Acan ng mga bagay na di dapat kunin. Kaya nagalit nang matindi ang Diyos sa kanila.

Mula sa Jerico, may mga inutusan si Josue na mag-espiya sa Ai, ang lungsod na susunod nilang sasakupin. Nagpadala siya ng 3,000 sundalo lang dahil kaunti lang naman ang kalaban doon. Pero nang lumusob sila, napaatras lang sila ng mga taga-Ai at ang ilan sa kanila ay napatay.

Dahil doon, naduwag at natakot ang mga Israelita. Dumapa si Josue at malungkot na sinabi sa Diyos, *"Bakit n'yo pa kami pinatawid ng ilog kung tatalunin lang kami ng mga kaaway namin? Ano po ang sasabihin ko ngayon sa kanila? Ano po ang gagawin n'yo alang-alang sa dakila n'yong pangalan?"*

Sinabi ng Diyos, *"Hindi sila makalaban sa mga kaaway nila dahil nagkasala sila sa akin. Ninakaw nila ang para sa akin. Sinuway nila ang utos ko. Nagsinungaling pa sila tungkol dito. Hindi kayo magtatagumpay hangga't may itinatago kayong mga bagay na nakalaan para sa akin. Bukas ng umaga, ituturo ko sa inyo ang pamilyang nagkasala sa akin."*

Kinabukasan, itinuro ng Diyos si Acan at ang kanyang pamilya. Dahil sa ginawa niya, binato ng mga Israelita si Acan pati ang kanyang pamilya hanggang sila ay mamatay. At napawi na ang galit ng Diyos.

Sinabi ng Diyos kay Josue, *"Huwag kang manghina o matakot. Lusubin n'yo ulit ang Ai, dahil ibinigay ko na ito sa inyo. Gawin n'yo rin sa kanila ang ginawa n'yo sa Jerico, pero ngayon kunin n'yo ang mga pag-aari nila para sa sarili n'yo. Maghanda na kayo at lusubin sila."*

Inihanda ni Josue ang 30,000 sundalo na mahusay makipaglaban. Ang ilan sa mga ito ay isinama niya at nagkunwaring lulusob sa Ai. Ang iba naman ay nakabantay sa may likuran ng Ai. Nang habulin sila Josue ng mga sundalo ng Ai, umatras sila hanggang maiwanan nilang walang bantay sa lungsod nila. Sinalakay ng ibang mga Israelita ang lungsod at sinunog. Napalibutan sila ng mga Israelita at 12,000 ang namatay sa kanila, pati mga

babae. Ipinakuha ng Diyos sa kanila ang mga ari-arian ng Ai para sa kanila, at sinunog nila ang buong lungsod.

Ibinigay ng Diyos sa Israel ang lupa at tinalo nila ang kanilang mga kaaway, ayon sa ipinangako ng Diyos. Bawat lahi ng Israel ay may kanya-kanyang lupa na at doon na sila nanirahan. Binigyan sila ng kapahingahan ng Diyos. Tinupad ng Diyos ang lahat ng ipinangako niya sa Israel.

Ilang taon pa ang lumipas, matanda na si Josue, sinabi niya sa mga tao, *"Marami pang lugar na dapat sakupin. Magpakatapang kayo at huwag matakot. Nakita n'yo naman kung paano ibinigay ng Diyos sa inyo ang mabubuting bagay na ipinangako niya. Wala siyang sinira sa mga pinangako niya. At parurusahan niya kayo kung sasamba kayo sa ibang mga Diyos. Kaya mamili kayo ngayon sa araw na ito kung sino ang sasambahin n'yo. Pero para sa akin at sa pamilya ko sasamba kami sa Diyos."*

Sumagot ang mga Israelita, *"Sasamba rin kami sa Diyos."*

Dumating ang panahon na namatay na si Josue. Buong panahon ni Josue, at kahit patay na siya, nanatili pa rin sa pagsamba sa Diyos ang mga Israelita, habang buhay pa ang mga tagapamahala nila na nakaranas ng mga ginawa ng Diyos para sa Israel.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Paanong nasabi sa kuwento na tinupad ng Diyos ang "lahat" ng kanyang mga pangako sa Israel?

2. Bakit natalo ang Israel sa una nilang pagsalakay sa Ai, di tulad ng tagumpay nila sa Jerico? Ano ang ipinapakita nito sa puso nating mga tao?

3. Kung ikukumpara mo ang magkaibang sinapit ng pamilya ni Rahab (na mga di-Israelita) at ng pamilya ni Acan (na mga Israelita), ano ang mapapansin mo?


4. Bakit sinabi ni Josue noong matanda na siya na marami pang dapat sakupin na lupa? Ano ang ipinapakita nito sa puso nating mga tao?

5. Bakit sa bandang huli ay pinapipili ni Josue ang mga tao kung sino ang paglilingkuran ng kanilang pamilya? Ano ang ipinapakita nitong mas mahalagang laban na gusto ng Diyos na mapagtagumpayan nila?

6. Paano naging magandang halimbawa si Josue sa kuwentong ito? Anu-anong katangian niya at pagtugon sa pangako ng Diyos ang nais ng Diyos na tularan din natin?

7. Paanong ang kuwentong ito ay naghahanda sa atin para kay Cristo at sa tunay na kapahingahan na ibibigay niya sa atin? Basahin ang **Hebreo 4:8-11** at **Mateo 11:28-30**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang tagumpay ay hindi nakasalalay sa atin kundi sa kapangyarihan ng Diyos.
- ✓ Ang kasalanang di pinagsisisihan, pagdepende sa sarili, at kampanteng pamumuhay ay makahahadlang para makamit ang tagumpay.
- ✓ Dapat alisin ang anumang hadlang para maranasan ang tagumpay na galing sa Diyos.
- ✓ Kay Cristo lang natin matatagpuan ang tunay na kapahingahan.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Josue 7, 10, 11, 15, 22, 24.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Josue 21:44**, “Binigyan sila ng PANGINOON ng kapahingahan sa mga kalaban nila sa paligid ayon sa ipinangako ng PANGINOON sa mga ninuno nila. Hindi sila natalo ng mga kalaban nila dahil pinagtagumpay sila ng PANGINOON sa lahat ng kalaban nila” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Gives Victory to His People” sa http://bit.ly/11victory.

# Chapter 26 – Cycles of Rebellion

Story from **Judges 1-3**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkamatay ni Josue, patuloy pa ring naglingkod ang mga Israelita sa Diyos. Ganito ang nangyari hanggang buhay pa ang mga pinuno nilang nakakita ng mga kamangha-manghang bagay na ginawa ng Diyos para sa kanila.

Itinuloy din nilang sakupin ang mga lupang di pa nila nasasakop. Sa lahat ng laban nila, pinagtagumpay sila ng Diyos. Pero hindi nila naitaboy ang ibang mga taga-Canaan dahil may mga karwahe silang yari sa bakal at dahil determinado silang hindi umalis sa lupain nila. Kaya nanirahan silang kasama ng mga Israelita. Ang iba sa kanila ay nag-asawa ng mga taga-roon.

Kaya tulad ng babala ng Diyos, naging bitag sila para sa mga Israelita. Nang makalipas ang isang henerasyon, ang sumunod na henerasyon ay hindi na kumilala sa Diyos at sa kanyang mga ginawa para sa Israel. Gumawa sila ng masama sa paningin ng Diyos. Itinakwil nila ang Diyos at sumamba sa mga Diyos-Diyosang sina Baal at Ashtoret.

Dahil ditto, galit na galit ang Diyos sa kanila. Pinabayaan ng Diyos na lusubin sila ng mga kaaway nila. Di nila maipagtanggol ang kanilang sarili dahil di nila kasama ang Diyos. Hirap na hirap ang mga Israelita.

Sa sobrang hirap na nararanasan nila, tumawag sila at humingi ng tulong sa Diyos. Naawa ang Diyos sa kanila at nagpadala siya ng mga pinuno – na tinatawag na mga hukom – na nagliligtas sa kanila mula sa kanilang mga kaaway.

Mahabang taon na nagkaroon ulit ng kapayapaan sa bansa nila. Pero hindi nagtagal iyon. Pagkamatay ng pinuno nila, muli na naman silang tumalikod sa Diyos at sumamba sa mga Diyos-Diyosan. Mas masahol pa ang ginawa nila kaysa sa mga nakaraang henerasyon.

Sa sobrang galit ng Diyos, hindi na niya itinaboy ang mga taga-Canaan, at ginamit sila ng Diyos para matuto silang lumaban at para subukin sila kung susunod sila o hindi sa mga utos niya sa kanila. Ito ang paulit-ulit na nangyari sa sumunod na 300 taon simula nang ibigay ng Diyos sa kanila ang Lupang Pangako.

Nang panahong iyon, walang  hari sa Israel. Kaya ang bawat isa sa kanila ay gumagawa kung anong tama sa paningin nila, kahit anong gusto nilang gawin.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang paulit-ulit na nangyayari sa Israel sa loob ng higit 300 taon?

2. Bakit sa tingin n'yo nagkaganito ang kalagayan nila?

3. Sa ganitong paulit-ulit na pangyayari, ano ang ipinapakita nito sa katangian ng tao?


4. Paanong tayo rin ay sumasamba sa Diyos-Diyosan ngayon? Basahin ang **Colosas 3:5-7** at **Efeso 5:3-6**.

5. Sa pagpaparusa ng Diyos sa kanila, ano ang ipinapakita dito ng Diyos tungkol sa kanya?

6. Sa pagpapadala niya ng mga tagapagligtas (hukom), anong katangian ang ipinapakita dito ng Diyos?

7. Paanong ang kuwentong ito ay nagpapakita na kailangan natin ng isang Tagapagligtas (Jesus) na tatapos sa pagsamba natin sa mga Diyos-Diyosan? Basahin ang **Ezekiel 36:25-28 at Juan 2:14-20** at pag-usapan ang damdamin ni Jesus sa karangalan ng Diyos at kung ano ang ginawa niya para sa atin.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Hindi sitwasyon ang problema ng tao kaya siya sumusuway sa Diyos; nasa puso ang problema.

✓ Walang-sawa ang katiyagaan ng Diyos sa mga Israelita dahil sa kanyang pangako sa kanila.

- ✓ Ang pagliligtas na ginagawa ng Diyos ay dahil lamang sa kanyang biyaya, hindi dahil karapat-dapat ang mga taong iligtas ng Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Mga Hukom 1-3.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Ezekiel 36:25-26**, “Wiwisikan ko kayo ng malinis na tubig nang maging malinis kayo sa lahat ng karumihan ninyo at hindi na kayo sasamba sa mga Diyos-Diyosan. Bibigyan ko kayo ng bagong puso at bagong espiritu. At ang matitigas ninyong puso ay magiging pusong masunurin” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Rescues Rebels Again and Again” sa http://bit.ly/12idolatrycycles.

# Chapter 27 – Gideon

Story from **Judges 6-8**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Gumawa na naman ng kasamaan ang mga Israelita sa paningin ng Diyos. Dahil dito, ipinasakop sila ng Diyos sa mga malulupit na Midianita sa loob ng pitong taon. Dahil sa kahabag-habag na kalagayan ng mga Israelita, nagmakaawa na sila sa Diyos.

Pagkatapos nito, nagpakita ang Diyos kay Gideon at sinabing siya ang magliligtas sa Israel. Sabi ni Gideon, *"Paano ko naman magagawa iyon? Pinakamahina ang pamilya ko sa lahi namin. At ako pa naman ang pinakawalang kwenta sa pamilya ko. Kung totoo nga ang sinasabi n'yo, bigyan n'yo ako ng palatandaan."* Kumuha si Gideon ng kambing at tinapay para ihandog sa Diyos. Pagkalapag n'ya nito sa ibabaw ng bato, biglang may lumabas na apoy sa bato at sinunog ang handog. Napatunayan n'yang Diyos ang nag-utos sa kanya.

Kaya ayon sa iniutos ng Diyos, giniba niya ang altar ni Baal at ang posteng simbolo ng Diyosang si Ashera, at ginawa itong panggatong sa sinunog na handog para sa Diyos. Ginawa n'ya ito nang gabi dahil natatakot siya sa pamilya n'ya at sa ibang mga tao roon.

Pagkatapos, nagkaisa ang maraming kaaway ng mga Israelita para labanan sila. Ginabayan si Gideon ng Espiritu ng Diyos. Sabi niya sa Diyos, *"Gusto ko pong malaman kung ako talaga ang gagamitin n'yo para iligtas ang Israel. Makatitiyak ako kung makikita kong mababasa ng hamog ang balahibo ng tupa na ilalapag ko sa tuyong lupa."* At ganoon nga ang nangyari.

Sinabi ni Gideon, *"Wag po kayong magalit. Hihiling po ulit ako. Ngayon naman po, hayaan n'yo pong mabasa ng hamog ang lupa pero tuyo naman po ang balahibo ng tupa."* At ganoon nga ang ginawa ng Diyos.

Kinaumagahan, nagsama si Gideon ng 32,000 sundalo. Sinabi ng Diyos, *"Ang dami niyan. Ayokong isipin n'yong dahil sa sarili n'yong lakas kaya kayo nanalo. Pauwiin mo ang mga natatakot lumaban."* Kaya umuwi ang 22,000. Sabi ng Diyos, *"Marami pa rin iyan. Ililigtas ko kayo sa pamamagitan lang ng 300 tao."*

Pagdating ng hatinggabi pumunta sila sa kampo ng kalaban. Pinatunog nila ang mga trumpetang dala-dala nila at nagsisigaw, *"Para sa Diyos at para kay Gideon!"* Nagsitakas

ang mga kalaban nila at nagsisigaw. Habang tumutunog ang mga trumpeta pinaglaban-laban ng Diyos ang mga Midianita. Pinagtagumpay sila ng Diyos laban sa mga Midianita.

Sinabi ng mga Israelita kay Gideon, *"Dahil ikaw ang nagligtas sa amin, ikaw na lang at ang mga angkan mo ang mamuno sa amin."* Sumagot si Gideon, *"Ang Diyos ang mamumuno sa inyo, hindi ako o ang mga angkan ko."*

Sa kabila nito, nagpagawa si Gideon ng isang espesyal na damit yari sa ginto. Naging malaking bitag ito kay Gideon, sa pamilya niya at sa buong Israel. Mayroon siyang 70 mga anak dahil marami siyang asawa. Isa sa mga anak niya ay pinangalanan niyang Abimelec, na ang ibig sabihi'y, "Ang ama ko ang hari." Pagkamatay ni Gideon, muling tumalikod ang mga Israelita sa Diyos at sumamba sa Diyos-Diyosang si Baal.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Anu-ano ang nakita n'yong magandang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Gideon? Ano ang ipinapakita nito sa layunin ng Diyos? Ano ang gustong patunayan ng Diyos?

2. Anu-ano naman ang nakita n'yong hindi magandang halimbawa na ipinakita ni Gideon? Paano ito sumasalamin sa katangian ng mga Israelita noong panahon niya?

3. Sa bandang huli ng eksenang ito, ano ang naging tugon ng mga Israelita sa pagliligtas na ginawa ng Diyos? Anong pagrerebelde ang ipinapakita nito laban sa Diyos?


4. Ano ang sagot ni Gideon sa hiling ng mga tao sa kanya? Paano n'yo nakitang salita lang ito at hindi siya seryoso sa sinabi niya?

5. Paano mo mas nakita ang laki ng problema ng mga tao sa relasyon natin sa Diyos?

6. Anu-ano ang mga Diyos-Diyosan sa buhay mo na mas pinapahalagahan mo nang higit sa Diyos?

7. Paanong ang karakter ng Diyos dito ay tumutukoy sa pagiging Diyos din ng Panginoong Jesus? Paano namang ang karakter ni Gideon at mga Israelita ay ibang-iba sa perpektong karakter ng Panginoong Jesus?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Gusto ng Diyos na ipakita ang kahangalan ng pagsamba sa mga Diyos-Diyosan at ang kanyang kapangyarihang di matutumbasan ng kahit sinomang Diyos-Diyosan.
- ✓ Kapangyarihan lang ng Diyos ang makapagpapalaya sa atin sa pagkakabihag natin sa pagsamba sa mga Diyos-Diyosan.
- ✓ Ang Diyos lamang, sa pamamagitan ng Panginoong Jesus, ang may karapatang mamahala sa buhay natin.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Mga Hukom 6-8.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ulit ang **Ezekiel 36:25-26**.
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Rescues Rebels Again and Again" sa http://bit.ly/12idolatrycycles.

# Chapter 28 – Samson

Story from **Judges 13-16; Numbers 6**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Muling gumawa ng kasamaan ang mga Israelita sa paningin ng Diyos, kaya ipinasakop sila ng Diyos sa mga Filisteo sa loob ng 40 taon.

Inihanda ng Diyos si Samson para pamunuan ang Israel sa pagliligtas mula sa mga Filisteo. Bago pa lang siya ipanganak sinabi na ng Diyos sa kanyang mga magulang, *"Ang magiging anak n'yo ay itatalaga sa Diyos bilang isang Nazareo, mula sa kanyang pagsilang hanggang mamatay siya. Hindi siya kakain ng anumang mula sa ubas. Hindi siya iinom ng inuming nakakalasing, o kakain ng anumang itinuturing na marumi."* Bukod dito, bawal din sa isang Nazareo ang magpagupit ng buhok at humipo sa patay.

Pagkapanganak kay  Samson, pinagpala ng Diyos sa kanyang paglaki, at kumilos ang Espiritu ng Diyos sa kanya.

Isang araw, pag-uwi ni Samson sa bahay, ikinuwento niya sa mga magulang niya, *"May nakita po akong isang babaeng Filisteo. Siya ang gusto kong mapangasawa."* Tumutol ang mga magulang niya, *"Bakit isang Filisteo pa na di kumikilala sa Diyos ang nagustuhan mo? Wala ka bang mapili sa isa sa mga kababayan natin?"*

Sumagot si Samson, *"Ah basta, siya ang babaeng sa tingin kong tama para sa akin. Siya ang gusto kong mapangasawa."* Hindi pa alam ng mga magulang niya na ang pasyang iyon ay pinahintulutan ng Diyos para labanan ang mga Filisteo.

Nang pinuntahan niya ang babae para pakasalan, nakita niyang may naipong mga pulot-pukyutan (honey) sa bangkay ng leong pinatay niya ilang araw na ang nakakalipas. Kumuha siya nito, kinain sa biyahe at binigyan ang mga magulang niya pag-uwi sa bahay. Pero hindi niya sinabing galing ito sa bangkay ng leon.

Nang dalawin ni Samson ang asawa niya pagkatapos ng ilang araw na pagbabakasyon sa bahay ng kanyang mga magulang, nabalitaan niyang ipinakasal pa ito ng kanyang biyenan sa abay sa kanilang kasal. Galit na galit si Samson. Sabi ng biyenan niya, *"Akala ko kasi ayaw mo na sa kanya. Gusto mo, nandiyan naman ang kapatid niyang mas maganda pa sa kanya."*

Sa galit ni Samson, sinunog niya ang mga bukirin ng mga Filisteo. Nang malaman ng mga Filisteo na si Samson ang may gawa nito dahil sa galit niya sa biyenan niya, hinanap nila ang babae at ang kanyang ama at pinasunog sila. Lalong nagalit si Samson, at 1,000 Filisteo ang pinagpapatay niya nang araw na iyon.

Isang araw, nagkagusto naman siya sa isa pang Filisteo na ang pangalan ay Delaila. Pinuntahan si Delaila ng mga pinuno nila at sinabi, *"Kumbinsihin mo siya na aminin sa iyo ang sikreto ng lakas niya, para maigapos namin siya. Kung gagawin mo 'to, bibigyan ka namin ng 5,000 pilak."*

Dahil dito paulit-ulit na nilambing ni Delaila si Samson. Noong una, tatlong beses pa siyang niloko ni Samson at ayaw pang ipagtapat ang sikreto niya. Pero noong huli, napilitan din siya dahil sa pangungulit ni Delaila, *"Akala ko ba mahal mo ako, pero bakit ayaw mo pa ring sabihin ang sikreto mo?"* Sumagot si Samson, *"Kung magugupitan ang buhok ko, magiging katulad na lang ng karaniwang tao ang lakas ko."*

Habang natutulog si Samson, pinagupitan ni Delaila ang buhok niya. Dinakip siya ng mga Filisteo at walang nagawa si Samson dahil iniwanan na siya ng Diyos. Dinukot ng mga Filisteo ang kanyang mga mata, iginapos siya ng kadena, at ginawang alipin sa loob ng kulungan.

Habang tumatagal, unti-unti na ulit na tumutubo ang mga buhok niya. Nang nagtipon ang maraming mga Filisteo para magdiwang at maghandog sa Diyos nilang si Dagon, nag-awitan sila, *"Pinagtagumpay tayo ng Diyos natin sa ating kalaban!"*

Dinala nila si Samson para aliwin sila. Pinatayo nila sa gitna ng dalawang haligi at ginawang katatawanan. Nanalangin si Samson, *"O Diyos ko, kung maaari po ibalik n'yo ang lakas ko para makaganti ako sa kanila."* Pagkatapos ay tinulak niya ang dalawang haligi nang buong lakas, gumuho ang gusali at namatay si Samson at ang lahat ng 3,000 taong naroon, higit pa sa napatay niya noong nabubuhay pa siya.

Dalawampung taong namuno si Samson sa Israel. Nang panahong iyon, walang hari sa Israel, kaya ang bawat isa ay gumagawa kung ano ang tama sa paningin nila, kahit anong gusto nilang gawin.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang isang Nazareo? Ano ang dapat gawin ng isang taong ibinukod para maging Nazareo (nakasulat sa **Mga Bilang 6:1-21**)?

2. Tinupad ba ni Samson ang pagiging isang Nazareo? Saan-saang bahagi ng kuwento makikitang nilabag niya ang dapat gawin ng isang Nazareo?

3. Sa dulo ng kuwento, "Noon ay walang hari sa Israel, kaya ang bawat isa ay gumagawa kung ano ang tama sa paningin nila." Wala nga bang hari? Sino ang kinikilala nilang hari?

4. Paano makikita sa buhay ni Samson kung sino ang kinikilala niyang hari?

5. Saan galing ang pambihirang lakas ni Samson? Sa kabila nito, anu-ano ang mga kahinaan niyang naging sanhi ng pagbagsak niya?


6. Ano ang ipinapakita nito sa ating mga tao tungkol sa paggamit natin ng kakayahang ibinigay sa atin ng Diyos? Ano ang nais ng Diyos na gawin natin?

7. Paano mo nakita ang sarili mo na tulad din ni Samson at ng mga Israelita sa panahon ng mga hukom?

8. Anong mga kahinaan mo ang nakita mong makahahadlang para magawa mo ang ipinapagawa sa iyo ng Diyos? Anong katangian ng Diyos ang panghahawakan mo para maisagawa iyon?

9. Paanong ang mga pagkukulang ni Samson sa kanyang buhay ay sumasalamin sa katuwiran ni Jesus sa kanyang buhay? Paanong ang kamatayan ni Samson ay sumasalamin sa kamatayan ni Jesus para sa atin?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Ang lakas na ibinigay ng Diyos ay dapat gamitin sa pagtupad ng kanyang layunin, hindi sa makasariling mithiin.

- ✓ Ginagamit ng Diyos kahit ang mga taong hindi tapat sa kanya para matupad ang kanyang layunin ng paghatol at pagliligtas.
- ✓ Nangingibabaw pa rin ang lakas ng Diyos sa ating mga kahinaan para matupad ang kanyang layunin.
- ✓ Ang katiyagaan o pasensiya ng Diyos ay isang panawagan sa mga taong magsisi hangga't hindi pa huli ang lahat.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Mga Hukom 13-16.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **2 Corinto 12:9**, "Ngunit sinabi ng Panginoon sa akin, 'Sapat na sa iyo ang aking biyaya, dahil ang kapangyarihan ko'y nakikita sa iyong kahinaan.' Kaya buong galak kong ipagmamalaki ang aking mga kahinaan, nang sa ganoon ay lagi kong maranasan ang kapangyarihan ni Cristo" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Rescues Rebels Again and Again" sa http://bit.ly/12idolatrycycles.

# Chapter 29 – Violence in Bethlehem

Story from **Judges 19-21**

## Pakinggan mo ang kuwento…



Nang panahong iyon, walang hari sa Israel, kaya bawat isa ay gumagawa kung ano ang tama sa kanilang paningin, kahit anong gusto nilang gawin.

Nang panahon iyon, may isang Levita ang nakapag-asawa ng isang aliping taga-Betlehem. Pero nagtaksil ito sa kanya at umuwi sa kanila sa Betlehem.

Pagkaraan ng apat na buwan, nagdesisyon ang Levitang sunduin na ang asawa niya. Pinatuloy siya ng babae sa kanilang bahay. Naiuwi niya ang kanyang asawa pagkatapos ng limang araw dahil na rin sa kakulitan ng biyenan niya na ayaw pa silang paalisin. Palubog na ang araw nang makarating sila sa Gibea na sakop ng lahi ni Benjamin.

Matagal silang nakaupo sa plasa at akala nila'y wala nang mag-aalok sa kanila ng matutulugan. May napadaan na isang matandang lalaki, nakita sila at inalok na tumuloy sa bahay niya. Pagdating nila sa bahay, pinakain sila doon.

Nagkakasiyahan pa sila nang may dumating na mga masasamang tao at pinaligiran ang bahay ng matanda. Kinalabog nila ang pintuan at sumigaw, *"Palabasin mo ang bisita mong lalaki para makipagtalik kami sa kanya."* Sumagot ang matanda, *"Huwag n'yong gagalawin ang bisita ko. Kung gusto n'yo, ito na lang anak kong dalaga at ang asawa niya ang ibibigay ko sa inyo."*

Pinalabas ng Levita ang asawa niya at ibinigay sa kanila. Magdamag nilang pinagsamantalahan ang babae. Mag-uumaga na nang bumalik ang babae sa bahay. Bumagsak na lang siya sa may pintuan ng bahay.

Paglabas ng Levita para umuwi na, nakita niyang nakahandusay ang asawa niya. Sinabi niya sa kanya, *"Bumangon ka na. Uuwi na tayo."* Di na sumagot ang asawa niya. Patay na pala. Inuwi niya ang bangkay ng asawa niya at pagdating sa kanila, pinagputul-putol niya sa 12 bahagi ang katawan nito at ipinadala sa 12 lahi ng Israel.

Sinabi ng mga nakakita nito, *"Wala  pang nangyari na katulad nito mula nang umalis ang mga Israelita sa Egipto. Ano kaya ang mainam gawin ngayon?"*

Nagtipon ang mga Israelita sa Mizpah, at ipinatawag ang asawa ng babaeng pinatay. Pagkatapos niyang ikuwento sa kanila ang ginawa ng mga taga-Gibea, nagkaisa silang lusubin ito. Nagpadala sila ng mensahe sa mga lahi ni Benjamin na ibigay sa kanila ang mga lalaking gumawa ng kahalayang ito para patayin. Hindi sila pinansin ng mga taga-

Benjamin. Kaya tinipon nila ang 400,000 sundalo para labanan ang 26,000 sundalo ng Benjamin. Pagkatapos ng labanan, iilan na lang ang natirang buhay sa lahi ni Benjamin.

Nang panahong iyon, walang hari sa Israel, kaya bawat isa ay gumagawa kung ano ang tama sa kanilang paningin, kahit anong gusto nilang gawin.

### Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Base sa kuwento noong nakaraang linggo, paano n’yo isasalarawan ang paulit-ulit na nangyayari sa Israel sa panahon ng mga hukom? Anong klaseng lipunan meron sila?

2. Ano sa tingin n’yo ang ugat kung bakit nagkaganito ang kasamaan sa lipunan nila?

3. Ano ang naramdaman mo habang nakikinig sa kuwento? Bakit?

4. Ano sa tingin mo ang mangyayari sa buhay ng isang tao, sa isang pamilya o sa isang bayan na hindi ang Diyos ang kinikilalang hari? Paano mo ito nakita sa Israel?

5. Sa kuwentong ito, sino ang gumagawa ng mga karahasan at kahalayan?


6. Ano ang layunin ng Diyos para sa kanila? Ano ang pagkakatawag ng Diyos sa kanila? Bakit ganito ang nangyayari sa kuwento?

7. May pagkakaiba ba ito sa nangyayari sa maraming pamilya ngayon? Sa lipunan natin ngayon? Magbigay ng mga halimbawa.

8. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito sa puso ng mga tao mula noon hanggang ngayon?

9. Paano ipinapakita sa kuwentong ito ang laki ng pangangailangan natin sa awa at biyaya ng Diyos na matatagpuan lang kay Cristo? Basahin ang **Roma 1:24-32** at **3:21-26**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Ang bansang pinili ng Diyos ay nagpaikut-ikot sa kasalanan at naghari ang karahasan at kahalayan sa kanila dahil hindi nila kinikilalang hari ang Diyos.

✓ Ang puso ng tao mula noon hanggang ngayon ay hindi nagbabago, paulit-ulit lang ang nangyayaring mga pagrerebelde sa Diyos.

✓ Sa kabila ng mga "kadiliman" na nangyayari sa paligid natin, mayroong ginagawa ang Diyos para muling maghari ang liwanag na galing sa kanya – sa pamamagitan ni Cristo na umako ng lahat ng karumihan, kasalanan at kadiliman sa buhay natin.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



☐ **Read.** Basahin ang **Hukom 19-21**.

☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Hukom 21:25**, "Nang panahong iyon, walang hari sa Israel, kaya ang bawat isa ay gumagawa ng kahit anong gusto nilang gawin" (ASD).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Brings Light Out of Darkness" sa http://bit.ly/13lightoutofdarkness.

# Chapter 30 – Ruth

Story from **Ruth 1-4**

### Pakinggan mo ang kuwento...





Sa panahon ng mga hukom, nagkaroon ng taggutom sa Israel. Kaya inilipat ni Elimelec ang kanyang pamilya - ang kanyang asawang si Naomi at dalawang anak na lalaki - mula sa Betlehem patungong Moab. Dito na namatay si Elimelec. Dito na rin sa Moab nakapag-asawa ang kanyang mga anak ng mga Moabita - sina Ruth at Orpah. Pagkatapos lang ng 10 taon namatay na rin ang dalawang lalaki.

Nabalitaan ni Noemi na pinagpala ng Diyos ang bayan niya at nagbigay ulit ng mabuting ani. Naghanda siyang bumalik sa Betlehem. Kinumbinsi niya ang mga manugang niya na bumalik na lang sa kanila. Sabi niya, "*Umuwi na kayo sa inyo. Ipakita sana ng Diyos ang kabutihan niya sa inyo, tulad ng ginawa n'yo sa pamilya ko. Sana makapag-asawa pa kayo ulit. Huwag na kayong sumama sa akin. Mas mapait ang sinapit ko. Pinahirapan ako ng Diyos."*

Nakumbinsi naman si Orpah, pero si Ruth ay desididong sumama sa biyenan niya. Sabi ni Noemi kay Ruth, *"O, bakit nandito ka pa? Sumama ka na sa bilas mo na bumalik na sa kanila at sa kanilang Diyos."* Sagot ni Ruth, *"Kung saan kayo pumunta, doon din ako. Ang bayan n'yo ay bayan ko rin. Ang Diyos n'yo ay Diyos ko rin. Isinusumpa ko sa Diyos na hindi kita iiwan hanggang mamatay ako."*

Kaya isinama na ni Noemi si Ruth. Nang malapit na sila sa Betlehem, sinalubong siya ng mga kakilala niya, *"Si Noemi ba 'to?"* Sagot niya, *"Huwag n'yo na akong tawaging Noemi, kundi Mara, dahil pinapait ng Makapangyarihang Diyos ang buhay ko."*

Panahon ng anihan nang dumating sila sa Betlehem. Isang araw nagpaalam si Ruth na mamumulot siya ng mga natitira at nalalaglag na mga uhay sa bukid na inilalaan para sa mga mahihirap at mga dayuhan. Napadpad siya sa bukid ni Boaz na isang mayaman at maimpluwensiyang tao.

Pagdating ni Boaz sa bukid, napansin niya si Ruth. Kinausap niya, *"Anak, dito ka na lang sa bukid ko mamulot hangga't di pa natatapos ang anihan. Ibinilin ko na sa mga tauhan ko na maging mabait sa iyo at 'wag kang gagalawin."* Sumagot si Ruth, *"Bakit po ang bait n'yo sa akin?"* Sabi ni Boaz, *"May nagkuwento sa akin ng mga ginawa mo para sa pamilya ni*

*Noemi. Pagpalain ka sana ng Diyos!"* Pagkatapos, niyaya ni Boaz si Ruth na mananghalian kasama ang mga tauhan niya.

Paglubog ng araw umuwi na si Ruth, inuwi kay Noemi ang mga napulot niya, iniabot ang pasalubong niyang pagkaing itinira niya habang nanananghalian siya, at ikinuwento sa kanya ang mga nangyari maghapon. Natuwa si Noemi sa kuwento ni Ruth.

[Puwedeng huminto sa bahaging ito at ipaulit na sa kanila ang kuwento. Ituloy na lang ang susunod na bahagi pagkatapos.]

Isang araw, sinabi ni Noemi kay Ruth, *"Anak, gusto kong si Boaz ang mapangasawa mo. Isa siyang kamag-anak at may tungkuling pangalagaan ka bilang asawa. Ihanda mo ngayon ang sarili. Mag-ayos ka. Mamayang gabi, sa may giikan, pumunta ka at hintayin mo siyang makatulog. Puntahan mo at iangat ang kumot sa paanan niya at doon ka mahiga."*

Ginawa nga ni Ruth lahat ng ibinilin sa kanya ng biyenan niya. Nang maalimpungatan si Boaz, nagulat siya na may babae sa paanan niya. Dahil madilim, hindi niya nakilala. Kaya nagpakilala si Ruth at sinabi, *"Isa po akong malapit na kamag-anak na dapat n'yong pangalagaan. Takpan po ninyo ako ng damit ninyo kung maipapangako ninyong papangalagaan ako bilang asawa."*

Sumagot si Boaz, *"Gusto kong gawin lahat ng sinabi mo, dahil alam naman ng lahat na isa kang mabuting babae. Kaso lang, meron pang mas malapit na kamag-anak kaysa sa akin. Sige, dito ka muna matulog ngayon. At bukas na bukas din, aalamin ko kung gagampanan niya ang tungkulin niya. Kung hindi, ako ang bahala sa iyo."*

Bago sumikat ang araw, bumangon si Ruth at umuwi kay Noemi. Ikinuwento niya ang plano ni Boaz. Sabi ni Noemi, *"Maghintay ka, anak, dahil hindi iyan hihinto hanggang maisaayos niya ngayon ang hinihiling mo."*

Nang araw ding iyon, pumunta nga si Boaz sa may pintuang bayan kung saan pinapagtibay ang mga usaping legal. Tinawag niya ang mga matatanda at mga saksi. Kinausap niya ang lalaking tinutukoy niya at tinanong kung gusto niyang tubusin ang mga pag-aari ni Elimelec, pati na rin ang biyudang si Ruth para mapangasawa. Hindi pumayag ang lalaki at sinabi, *"Ikaw na lang ang tumubos."* Iniabot niya ang isa niyang sandalyas bilang katibayan ng transaksiyon.

Sinabi ni Boaz, *"Saksi kayong lahat sa araw na ito na tutubusin ko ang mga pag-aari ni Elimelec na ipinamana sa asawa ni Ruth, at kasama nito ay pakakasalan ko si Ruth para manatili ang lahi ng asawa niya kung magkaroon kami ng anak."*

Ikinasal sina Boaz at Ruth. Niloob ng Diyos na magkaanak sila ng isang lalaki. Pinangalanan nilang Obed ang apo ni Noemi. At naging apo naman nitong si Obed ay si David, na siyang magiging hari sa Israel.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ikumpara mo ang kuwentong ito sa kuwento noong nakaraang linggo. Anong naramdaman mo ngayon? Ano ang nakita mong malaking pagkakaiba?

2. Isalarawan ang karanasan dito ni Noemi. Paano mo nakitang kumilos ang Diyos sa buhay niya?

3. Isalarawan si Ruth. Paano nakita ang pananampalataya niya at kabutihan ng Diyos sa buhay niya? Ano ang malaking pagkakaiba niya, na isang Moabita, sa mga Israelita noong panahong iyon?

4. Isalarawan si Boaz. Paano mo nakita ang kabutihan niya sa pakikitungo niya kay Ruth at Noemi? Ano ang pagkakaiba niya sa mga Israelita noon?

5. Paano mo nakita ang pagkilos ng Diyos sa kuwento? Bakit sa tingin mo ibang-iba ito sa naunang kuwento?

6. Paano ipinapakilala ng Diyos ang sarili niya sa iyo sa pamamagitan ng buhay ni Boaz at Ruth?


7. Ano ang malaking pagkakaiba ng “love story” nina Boaz at Ruth sa maraming “love stories” ng mga kabataan ngayon?

8. Si Ruth ang nanay ng lolo ni David, ang magiging hari sa Israel. Paano ito nagbibigay ng pag-asa sa panahon nila na wala silang kinikilalang hari?

9. Paano mo mas nakilala ang Panginoong Jesus ("Anak ni David") sa kuwentong ito? Tingnan ang **Lucas 2:28-32**.

10. Kung mayroong Moabita sa lahi ng Panginoong Jesus, ano ang ipinapakita nito tungkol sa kanyang misyon at misyon ng bawat isang tagasunod ni Jesus? Tingnan ang **Mateo 24:14; 28:19**; at **Gawa 1:8**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Sa kabila ng mga "kadiliman" na nangyayari sa paligid natin, mayroong ginagawa ang Diyos para muling maghari ang liwanag na galing sa kanya.
- ✓ Ginagamit ng Diyos pati ang di-Israelita (ang Moabitang si Ruth) para matupad ang layunin niya para sa Israel.
- ✓ Nasasalamin ang kabutihan ng Diyos sa kabutihang ipinapakita ng mga taong nagtitiwala sa kanya.
- ✓ Ang Diyos ang nagbibigay ng pag-asa sa bawat pamilyang may mapait na karanasan – ang pag-asang nanggagaling kay Cristo na ating Panginoon at Tagapagligtas.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Ruth 1-4**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Lucas 2:30-32**, “Nakita na ng sarili kong mga mata ang Tagapagligtas, na inihanda ninyo para sa lahat ng tao. Siya ang magbibigay-liwanag sa isipan ng mga hindi Judio, at magbibigay-karangalan sa inyong bayang Israel” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Brings Light Out of Darkness” sa http://bit.ly/13lightoutofdarkness.

# Chapter 31 –Samuel and Saul

Story from **1 Samuel 1-10**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Sa panahong iyon na wala pang hari sa Israel, may mag-asawa na ang pangalan ay Elkana at Hanna. Dahil itong si Hanna ay hindi magkaanak, humiling siya sa Diyos at nangakong kapag nanganak siya ay ihahandog niya ang bata para maglingkod sa kanya nang habang-buhay.

Pinakinggan ng Diyos ang dalangin niya at nagkaanak siya, at ang pinangalan ay Samuel. Pinuri ni Hanna ang Diyos at sinabi, *"Ang Diyos ang hahatol sa buong mundo. Dahil sa kanya, magiging makapangyarihan at laging magtatagumpay ang haring kanyang hinirang."*

Si Samuel ang huling hukom na namuno sa Israel. Naglingkod din siya bilang pari at propeta. Nang panahong iyon, madalang nang makipag-usap ang Diyos sa Israel at hinayaan niya silang matalo ng mga Filisteo.

Pero tinawag niya si Samuel na ipahayag sa kanila ang mga salita niya. Sabi niya, *"Kung taos sa puso n'yo ang panunumbalik sa Diyos, itapon ninyo ang inyong mga Diyos-Diyosan at ilaan ang buong buhay n'yo sa paglilingkod sa Diyos. Siya lang ang inyong paglingkuran. Kung gagawin n'yo ito, ililigtas niya kayo sa kamay ng mga Filisteo."*

Ganoon nga ang ginawa ng mga tao, at tinulungan sila ng Diyos at pinagtagumpay laban sa mga Filisteo.

Isang araw, nang matanda na si Samuel, pinili niya ang mga anak niya na mamuno sa Israel. Pero hindi ito nagustuhan ng mga tao. Kaya nagtipon sila at kinausap si Samuel. Sabi nila, *"Bigyan n'yo kami ng hari na mamumuno sa amin, gaya ng ibang bansa na mayroong hari."*

Sumama ang loob ni Samuel sa hiling nila, kaya nanalangin siya sa Diyos. Sabi ng Diyos, *"Hindi ikaw ang tinanggihan nila, kundi ako. Ganyan naman ang dati na nilang ginagawa. Sige, ibigay mo ang hiling nila, pero bigyan mo sila ng babala kung ano ang gagawin sa kanila ng kanilang magiging hari."*

Ganoon nga ang ginawa ni Samuel, pero nagpumilit pa rin ang mga tao at sinabi, *"A basta, gusto namin ng isang haring mamamahala sa amin, tulad ng sa ibang mga bansa."*

Ibinigay ng Diyos sa kanila si Saul bilang hari. Galing siya sa lahi ni Benjamin, bata pa, matikas, at matangkad. Noong araw na ihaharap na siya ni Samuel sa mga tao, walang makakita sa kanya. Kaya hinanap siya at nakitang nagtatago pala sa bunton ng mga bagahe. Tumayo siya, sinabi ni Samuel, *"Ito ang haring ibinigay ng Diyos para sa inyo."* Sumagot ang mga tao, *"Mabuhay ang hari!"*

Pagkatapos nilang pagtibayin ang paghahari ni Saul at magdiwang sa presensiya ng Diyos, nagsalita si Samuel, *"Nakita na ninyo kung paano kayo paulit-ulit na iniligtas ng Diyos laban sa inyong mga kaaway. Pero ngayon, humingi pa kayo ng hari sa Diyos, kahit na siya ang hari ninyo. Napakasama ng ginawa n'yo laban sa Diyos. Pero 'wag kayong mag-alala, alang-alang sa dakila niyang pangalan, hindi niya kayo pababayaan. Kung kayo at ang hari ninyo ay mamumuhay nang may takot sa Diyos, susunod sa mga utos niya at maglilingkod sa kanya, walang masamang mangyayari sa inyo. Huwag kayong susunod sa mga walang kuwentang Diyos-Diyosan. Hindi sila makakatulong o makakapagligtas sa inyo."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Batay sa mga nagdaang kuwento sa panahon ng mga hukom, paano n’yo isasalarawan ang paulit-ulit na nangyayari sa Israel sa panahon ng mga hukom?

2. Anong klaseng lipunan meron sila? Bakit sa tingin n’yo nagkaganito?

3. Bakit sa tingin n’yo madalang nang magsalita ang Diyos noong panahong iyon?

4. Paano tinawag ng Diyos si Samuel? Ano ang layunin ng Diyos para sa kanya?

5. Isalarawan si Samuel. Ano ang malaking pagkakaiba niya sa mga hukom na nauna sa kanya (tulad nina Gideon at Samson)?

6. Sa mga nakaraang bahagi ng Kuwento, ipinangako na ng Diyos na darating ang araw na may magiging hari sa Israel. Basahin ang **Genesis 17:6; 49:10; Deuteronomio 17:14-20**. Kung gayon, bakit siya nagalit sa paghiling ng mga Israelita na bigyan sila ng hari?

7. Ano ang malaking pagkakaiba ng hiling ni Hanna na magkaroon ng anak at ng hiling ng mga Israelita na magkaroon ng hari?


8. Ano ang natutunan mo sa kuwentong ito tungkol sa tao at sa kasalanan?

9. Ano ang natutunan mo sa kuwentong ito tungkol sa Diyos at sa pagtugon niya sa kasalanan ng tao?

10. Sa kuwentong ito, paano mo mas nakilala ang Panginoong Jesus bilang Hari ng mga hari, dakilang Propeta at Punong Pari? Ano ang pagkakatulad niya kay Samuel?

11. Paanong si Jesus lang ang Haring kailangan natin? Basahin ang **Micas 5:2, 4**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang Diyos ang nagbibigay-buhay, siya ang Hukom at Hari ng ating buhay.
- ✓ Nais ng Diyos na maging tapat tayo sa pagkakatawag niya sa atin, sa pagpapasakop sa kanya bilang Hari, at pagsunod sa kanyang kalooban.
- ✓ Tulad ng Israel, tinanggihan din natin ang pagkakatawag ng Diyos sa atin, nagtitiwala tayo sa solusyon ng tao at pinipili natin ang sarili nating gusto sa halip na ang kagustuhan ng Diyos.
- ✓ Si Jesus lang ang tunay na nagpasakop sa Diyos, sumunod sa pagkakatawag sa kanya, at siyang Haring namumuno sa atin, Propetang nangungusap sa atin, at Paring namamagitan sa atin sa Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Samuel 1, 3, 7-10.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Micas 5:4**, “Pamamahalaan niya ang mga mamamayan ng Israel sa pamamagitan ng lakas at kapangyarihan ng Panginoon. Ang katulad niya’y isang pastol na nagbabantay ng kanyang kawan. Kaya mamumuhay sila nang mapayapa dahil kikilalanin ng mga tao sa buong mundo ang kanyang kadakilaan” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Raises His Own King” sa http:// bit.ly/14samuel.

# Chapter 32 – Rejection of Saul

Story from **1 Samuel 11-15**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Si Saul ay 30 taong gulang nang maghari sa Israel, at naghari siya sa loob ng 42 taon.

Isang araw, nagtipon ang mga Filisteo para makipaglaban sa mga Israelita. Nang makita ng mga Israelita na delikado ang sitwasyon nila, nagtago sila sa mga kuweba, talahiban, mga batuhan, mga hukay, at mga imbakan ng tubig. Nanginginig silang lahat sa takot.

Naghintay si Saul kay Samuel nang pitong araw gaya ng sinabi niya, pero hindi dumating si Samuel. Nang nakita niyang unti-unti nang nauubos ang mga kasama niya, si Saul na ang kumuha ng handog na sinusunog at inialay ito sa Diyos.

Pagkatapos noon, dumating na si Samuel at sinabi, *"Anong ginawa mo? Di mo ba alam na kamangmangan iyang ginawa mo? Kung sumunod ka lang sana, ikaw at ang sambahayan mo ang maghahari sa Israel. Pero hindi na mangyayari iyon, dahil nakakita na ang Diyos ng papalit sa iyo, na siyang susunod sa gusto ng Diyos."*

Sa kabila ng nangyari, iniligtas pa rin ng Diyos ang mga Israelita sa kamay ng mga Filisteo.

Isang araw sinabi ni Samuel ang utos ng Diyos kay Saul, *"Paparusahan ko ang mga Amalekita dahil sa kasalanan nila laban sa Israel. Salakayin n'yo sila. Wasakin n'yo ang mga ari-arian nila. Patayin n'yo silang lahat - mga lalaki, babae, bata at mga sanggol, pati na rin ang kanilang mga baka, tupa, kamelyo at mga asno."*

Tinipon ni Saul ang mga sundalo niya at sumalakay sila sa mga Amalekita. Pinatay nila ang lahat pero ang hari nila ay hindi nila pinatay at binihag lang. Hindi rin nila pinatay ang mga magagandang tupa, baka, matatabang hayop at lahat ng maibigan nila. Pero ang mga hindi mapapakinabangan ay pinatay nila.

Sinabi ng Diyos kay Samuel, *"Nalungkot ako na ginawa kong hari si Samuel. Tinalikuran niya ako at hindi sinunod ang mga utos ko."*

Nang magkita si Samuel at si Saul, sinabi ni Saul, *"Sinunod ko na ang mga utos ng Diyos!"*

Sumagot si Samuel, *"Kung totoong sinunod mo, bakit may narinig akong ingay ng mga tupa at unga ng mga baka?"*

Sagot ni Saul, *"A, iyon ba? Pinakamagagandang hayop iyon para ihandog sa Diyos."*

Sabi ni Samuel, *"Tumigil ka sa kakadahilan mo! Bakit hindi ka sumunod sa Diyos? Ang pakikinig at pagsunod sa kanya ay mas mabuti kaysa sa mga handog. Ang pagsuway sa kanya ay kasing-sama ng pangkukulam at ang katigasan ng ulo'y kasing-sama ng pagsamba sa mga Diyos-Diyosan. Dahil sa pagsuway mo, inayawan ka rin niya bilang hari."*

Pagkatapos noon, hindi na nagpakita si Samuel kay Saul. Pero nagdalamhati siya para kay Saul. Nalungkot ang Diyos na ginawa niyang hari si Saul.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang naaalala mo sa nakaraang kuwento? Ano ang natutunan mo?

2. Isalarawan si Saul. Ano ang pagkakaiba niya kay Samuel?

3. Ano ang dalawang kasalanang naging dahilan para ayawan si Saul ng Diyos bilang hari? Bakit nagalit ang Diyos sa kanya?

4. Ano ang matututunan natin dito tungkol sa klase ng pagsunod na nais ng Diyos para sa atin?


5. Sa anu-anong paraan nagiging "partial" din ang pagsunod natin at ipinapasakamay natin (control) ang mga gusto nating mangyari?

6. Kung hindi naman pala talaga si Saul ang haring nais ng Diyos para sa Israel, bakit niya pinagbigyan ang hiling ng mga Israelita?

7. Sa kuwentong ito, paano mo mas nakilala ang Panginoong Jesus? Paanong siya ay nakahihigit kay Saul? Basahin ang **Gawa 5:29-32; Hebreo 10:5-10**.

8. Ano ang natutunan mo sa kuwentong ito tungkol sa Diyos?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Mas mahalaga ang pusong handang sumunod sa Diyos kaysa sa mga panlabas ng seremonya o ritwal ng paghahandog.
- ✓ Nais ng Diyos sa kanyang lingkod ay handang makinig at sumunod.
- ✓ Hindi dapat pinipili ang mga utos ng Diyos na susundin. Lahat ay dapat sundin.
- ✓ Minsan, ibinibigay ng Diyos sa atin ang hinihiling natin (kahit na hindi iyon ang plano o nais niya para sa atin) para ipakita na hindi iyon ang kailangan natin, para ipakita na siya lang ang kailangan natin.
- ✓ Si Jesus ang perpektong Haring tapat na sumunod sa lahat ng utos ng Diyos. Siya rin ang Punong Paring naghandog para sa ating mga kasalanan. At ang inihandog niya ay ang sarili niya mismo. Siya ang kailangan nating Panginoon at Tagapagligtas.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Samuel 11-15.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Samuel 15:22**, “Mas nalulugod ba ang Panginoon sa mga handog ninyo kaysa sa pagsunod sa kanya? Ang pagsunod sa Panginoon ay mas mabuti kaysa sa mga handog. Ang pakikinig sa kanya ay mas mabuti kaysa sa paghahandog ng mga taba ng tupa” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Raises His Own King” sa http:// bit.ly/14samuel.

# Chapter 33 – David and Goliath

Story from **1 Samuel 17**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Panahon noon na ang mga Filisteo ay nakikipagdigma laban sa Israel. Sa pangunguna ni Haring Saul, naghahanda na ang mga Israelita sa pakikipaglaban. Sila ay nasa isang burol, ang kalaban naman ay nasa kabila.

May isang magiting na mandirigma ang mga Filisteo. Ang pangalan niya ay Goliath, at siyam na talampakan ang taas. Hinamon niya ang mga Israelita, *"Pumili na lang kayo ng isang taong kakatawan sa inyo na lalaban sa akin. Kung mapapatay niya ako, magpapaalipin kami sa inyo; pero kung mapapatay ko siya, magpapaalipin kayo at maglilingkod sa amin. Ngayon, hinahamon ko kayo! Papuntahin ninyo rito ang makikipaglaban sa akin."*

Nang marinig ito ni Saul at ng mga Israelita, natakot sila nang husto.

Merong isang lalaki na ang pangalan ay David. Anak siya ni Jesse na taga-Bethlehem. Bunso siya sa walong magkakapatid na lalaki. Habang ang tatlo niyang mga kapatid ay kasama ni Saul sa digmaan, siya naman ay nagpapabalik-balik sa pagpapastol sa mga tupa ng kanyang ama, at sa pagtugtog sa palasyo ng hari.

Isang araw, inutusan ni Jesse si David na dalhan ng pagkain ang kanyang mga kapatid na nasa labanan. Kaya pinuntahan niya ang mga kapatid niya.

Samantala, ito naming si Goliath ay 40 araw na hinahamon ang mga Israelita, araw at gabi. Nang dumating si David, narinig niya ang hamon ni Goliath at nakita rin niyang takot na takot ang mga sundalo nila. Tinanong niya sila, *"Sino ba ang Filisteong iyon na hindi nakakakilala sa Diyos at humahamon sa mga sundalo ng buhay na Diyos?"* Pinagalitan naman siya ng kuya niya nang marinig siyang nakikipag-usap.

Nakarating kay Saul ang tungkol sa sinabi ni David. Ipinatawag siya. Sinabi niya kay Saul, *"Wala po ni isa man sa atin ang dapat na panghinaan ng loob dahil lang sa Filisteong iyon. Ako na po na inyong lingkod ang makikipaglaban sa kanya."*

Sumagot si Saul, *"Hindi mo kayang makipaglaban sa kanya. Bata ka pa, habang siya'y mandirigma na mula pa sa kanyang pagkabata."*

Sumagot si David, *“Nagawa ko po ito sa mga leon at oso, at gagawin ko rin ito sa Filisteong iyon na hindi nakakakilala sa Diyos dahil hinahamon po niya ang mga sundalo ng buhay na Diyos. Ang Panginoon na nagligtas sa akin sa mga leon at oso ang siya ring magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong iyon.”*

Pumayag na si Saul at ibinigay sa kanya ang mga kasuotan at kagamitang pandigma. Pero hindi ito tinanggap ni David, at sinabi niyang hindi siya sanay gumamit nang mga iyon. Kinuha niya ang kanyang tungkod, pumulot ng limang makikinis na bato sa sapa at inilagay sa balat na lalagyan. Dala-dala ang kanyang tirador, lumapit siya kay Goliath.

Nang makita siya ni Goliath at mapansing binatilyo pa at parang walang kamuwang-muwang sa labanan, nilait niya ito. *“Aso ba ako at patpat iyang dala-dala mo?”* At isinumpa niya si David sa ngalan ng kanyang mga Diyos.

Sumagot si David, *“Lalabanan kita sa pangalan ng Panginoong Makapangyarihan, ang Diyos ng hukbo ng Israel na iyong hinahamon. Sa araw na ito ibibigay ka sa akin ng Panginoon. Papatayin at pupugutan kita ng ulo. Malalaman ng buong mundo na may Diyos ang Israel. Sapagkat ang Panginoon ang makikipaglaban at ibibigay niya kayong lahat sa amin.”*

Habang lumalapit si Goliath sa kanya, patakbo naman siyang sinalubong ni David. Kumuha siya ng bato sa kanyang lalagyan at tinirador sa noo si Goliath. Tumama ito at bumaon sa noo ni Goliath at natumba siya nang padapa sa lupa.

Tumakbo siya papunta kay Goliath, kinuha ang espada nito at pinugutan ito ng ulo. Nang makita ng mga Filisteo na patay na ang mahusay nilang mandirigma, nagtakbuhan sila papalayo. Sumugod ang mga sundalo ng Israel at Juda na sumisigaw, at hinabol nila ang mga Filisteo, hanggang mapatay at magkalat ang kanilang mga bangkay.

Pagkatapos, tinanong ni Saul si David, *“Kanino kang anak, binata?”* Sumagot si David, *“Anak po ako ng inyong lingkod na si Jesse na taga-Betlehem.”*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Tulad ng pakikipaglaban ng mga Israelita sa mga Filisteo, sa paanong paraan ang buhay nating mga Cristiano ay isa ring araw-araw na pakikipaglaban? Magbigay ng mga halimbawa.

2. Ano ang reaksyon ng mga Israelita sa hamon ni Goliath? Si Haring Saul ba ganun din? Bakit kaya?

3. Sa anu-anong paraan natatakot din tayo at pinanghihinaan ng loob? Ano kaya ang nasa ilalim o ugat ng mga takot at pangambang ito?

4. Ano ang kaibahan ni David sa kanilang lahat? Nakanino ang tiwala at kumpiyansa niya? Bakit ganito ang klase ng pagtitiwala niya sa Diyos?

5. Ano ang makikita mong relasyon ng takot na nasa puso natin at pagtitiwala natin sa Panginoon?

6. Ano ang natutunan mo sa kuwentong ito tungkol sa Diyos?


7. Anu-anong sandata ang kailangan natin sa mga espirituwal na pakikipaglaban na kinakaharap natin araw-araw?

8. Paanong ang kuwentong ito ay nagtuturo sa atin na si Cristo ang “true and better David”? Alalahanin kung paano siya nagtagumpay laban kay Satanas sa 40 araw na panunukso sa kanya (**Marcos 1:13; Mateo 4:1-11**).

9. Paanong ang kamatayan niya sa krus at muling pagkabuhay ang tagumpay na kailangan natin (**Colosas 2:14-15**)?

10. Paanong ang pag-alala sa ginawa niya para sa atin at sa mga pangako ng Diyos ay makakatulong sa atin para mawala ang takot at magkaroon ng lakas ng loob sa laban sa araw-araw?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Sa tuwing makikita natin ang mga kaaway natin at maririnig ang kanilang mga kasinungalingan, natatakot tayo at pinanghihinaan ng loob.
- ✓ Matagal na inaalipin tayo nang takot samantalang ipinadala na ng Diyos ang tulong na kailangan natin sa laban sa araw-araw.
- ✓ Ang pakikidigma natin ay espirituwal na pakikidigma, kaya kailangan din natin ng mga espirituwal na sandata.
- ✓ Napagtatagumpayan natin ang takot kung nasasandatahan tayo ng kapangyarihan ng Diyos at ng mga pangako ng Diyos; at kung ang layunin natin ay para sa karangalan niya.
- ✓ Kung si Jesus ay nasa atin, nasa atin na ang tagumpay. Hindi na tayo matatakot na harapin ang anumang sitwasyon sa buhay, kahit saan, kahit sino, alang-alang sa pagsunod sa Diyos. Hindi na tayo matatakot na magapi ng kaaway, o maging ng kamatayan. Dahil nagtagumpay na si Jesus laban sa kaaway, sa kamatayan at sa kasalanan. Lumalaban tayo hindi para makamit ang tagumpay, kundi dahil nasa atin na ang tagumpay.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Samuel 17**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Samuel 17:47**, “Malalaman ng lahat ng nagkakatipon dito na kayang iligtas ng Panginoon ang kanyang bayan kahit na walang espada o sibat. Sapagkat ang Panginoon ang makikipaglaban at ibibigay niya kayong lahat sa amin.” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “David and Goliath” sa bit.ly/davidgoliathsermon.

# Chapter 34 – David and Saul

Story from **1 Samuel 18-26**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkatapos talunin ni David si Goliath, umuwi na sila Saul at sinalubong sila ng mga babaeng sumasayaw at kumakanta: "*Libu-libo ang napatay ni Saul, kay David naman ay tig-sasampung libo.*" Nagalit at nainggit si Saul, kaya lagi na niyang minamatyagan si David.

Bukod pa dun, natatakot din siya kay David dahil sinasamahan ito ng Panginoon samantalang siya nama'y pinabayaan na ng Panginoon. Dahil sa pagsama ng Panginoon kay David, lalo pa siyang nagtatagumpay, at lalong napapamahal sa mga tao, pero lalo namang natatakot si Saul sa kanya.

Dahil dun, lagi siyang sinasabak sa laban sa mga Filisteo at baka sakaling mapatay. Pero lalo lang siyang pinagtatagumpay ng Panginoon. Nakita ni Saul yun, at kung paanong mas nagiging kilala ang pangalan ni David. Nakita rin niya kung gaano siya kamahal ng anak niyang si Michal, kaya lalo pa siyang natakot kay David. At itinuring niyang kaaway si David habang nabubuhay siya.

Dahil dito, inutusan na ni Saul ang anak niyang si Jonathan pati ang mga tauhan niya na patayin si David. Pero di ito ginawa ni Jonathan, dahil kaibigan ang turing niya kay David. Sinabi niya sa ama niya, *"Huwag n'yo pong saktan si David na inyong lingkod dahil wala siyang ginawang masama sa inyo. Nakagawa pa nga po siya ng malaking kabutihan sa inyo."*

Pero walang nakakumbinsi kay Saul na baguhin ang plano niya. Isang araw, sinibat ni Saul si David, pero nakatakas ito. Minanmanan siya ng mga tauhan ni Saul sa bahay pero pinatakas siya ni Michal. Sa galit ni Saul, pati ang anak niyang si Jonathan sinubukan na rin niyang sibatin at patayin dahil sa pagtatanggol nito kay David.

Araw-araw ay hinahanap siya ni Saul, pero hindi siya ibinigay ng Diyos kay Saul.

Isang araw, kasama ni David ang 600 sa mga tauhan niya na nagtatago sa isang kuweba sa may disyerto. May nakapagsumbong kay Saul. Hinanap niya si David at isinama ang 3,000 tauhan. Nang naroon na sila sa disyerto, sumakit ang tiyan ni Saul at pumasok sa isang kuweba para dumumi. Sakto namang sa dulo ng kuwebang yun ay dun nagtatago sila David. Sabi ng tauhan ni David sa kanya, *"Dumating na ang panahong sinabi ng Panginoon na*

*ibibigay niya sa iyo ang iyong kaaway at ikaw na ang bahala kung ano ang gusto mong gawin sa kanya."*

Dahan-dahan at tahimik na nilapitan ni David si Saul. At pinutulan niya lang ang laylayan ng damit ni Saul. Sabi niya sa sarili niya, *"Huwag sanang ipahintulot ng Panginoon na gawan ko ng masama ang aking hari, ang hinirang ng Panginoon na maging hari*."

Lumabas na si Saul sa kuweba, walang kamalay-malay sa nangyari. Nilabas siya ni David at tinawag, *"Mahal na Hari!"* Paglingon ni Saul, nagpatirapa pa si David sa kanyang harapan bilang paggalang.

Ipinakita niya ang tinabas niyang tela sa damit ni Saul at sinabi, *"Sa araw na ito, nakita n'yo kung paano kayo ibinigay ng Panginoon sa aking mga kamay. Sinabi sa akin ng iba kong mga tauhan na patayin kayo pero hindi ko ginawa. Ang Panginoon sana ang humatol sa ating dalawa, at parusahan kayo ng Panginoon sa mga ginagawa n'yo sa akin. Pero wala akong gagawing masama sa inyo."*

Pagkatapos nito, inamin ni Saul na siya ang nagkasala at si David ang gumagawa ng mabuti para sa kanya sa kabila ng kasalanan niya.

Pero hindi nagtagal, may nagsabi na naman kay Saul kung nasaan sila David. Pinuntahan na naman sila ng grupo ni Saul. Habang natutulog sila Saul sa kampo, pinuntahan sila ni David kasama ang ilan sa tauhan niya. Nakatusok sa lupa ang sibat ni Saul sa kanyang ulunan. Sabi ni Abishai to David, *"Sa araw na ito, ipinagkaloob sa inyo ng Diyos ang tagumpay laban sa inyong kaaway. Payagan n'yo akong saksakin siya ng sibat na iyon at nang mabaon hanggang sa lupa."*

Pero hindi yun ang gusto ni David. Sinabi niya, *"Huwag mo siyang patayin! Parurusahan ng Panginoon ang sinumang papatay sa kanyang piniling hari. Ang Panginoon mismo ang papatay sa kanya, o mamamatay siya sa digmaan o dahil sa katandaan. Pero hindi ko ilalagay sa mga kamay ko ang buhay niya."*

Pagkatapos ay kinuha na lang nila ang sibat at lalagyan ng tubig na nasa tabi ni Saul. Walang nakaalam at nakakita ng ginawa nila dahil pinahimbing ng Panginoon ang kanilang pagtulog.

Nang magising na sila Saul, nalaman niya ang nangyari. Sinabi naman niya kay David, *"Nagkasala ako. Bumalik ka na, David, anak ko…"* Nangako pang di na siya papatayin.

Sagot naman ni David, *"May gantimpala ang Panginoon sa mga taong matapat at gumagawa ng matuwid. Ibinigay kayo ng Panginoon sa aking mga kamay sa araw na ito, pero tumanggi akong patayin kayo dahil kayo ang piniling hari ng Panginoon. Binigyan ko ng*

*halaga ang buhay ninyo ngayon at sana'y bigyan din ng halaga ng Panginoon ang buhay ko at iligtas niya ako sa lahat ng kapahamakan."*

Naghiwalay na ulit sila at naging abala naman si Saul sa pakikipaglaban sa mga Filisteo.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Isalarawan ang ugali ni Saul kay David.

2. Batay sa mga nakaraang kuwento, ano ang ugat ng galit ni Saul kay David? Paano nito nasasalamin ang kundisyon ng puso natin? Magbigay ng mga halimbawa.

3. Isalarawan ang pagtrato ni David kay Saul. Ano ang tingin niya kay Saul? Ano ang tingin niya sa sarili niya?

4. Bakit kamangha-mangha at isang halimbawang dapat tularan ang ginawa ni David? Sa paanong paraan di tayo naging tulad ni David sa pagtugon sa taong umaaway sa atin?


5. Ano ang ugat ng kanyang tamang pagtugon kay Saul? Ano ang pinaniniwalaan niya tungkol sa Diyos at sa kanyang plano para sa kanya?

6. Paanong si Jesus ang "true and better David" patungkol sa pagtrato sa kanyang mga kaaway nang arestuhin siya, parusahan, at ipako sa krus?

7. Paanong ang pagtrato na ginawa sa atin ng Diyos (noong tayo'y mga kaaway pa niya) ay makatutulong sa atin sa pagtrato sa mga kaaway natin?

8. Basahin ang **1 Pedro 2:21-24; 3:9; 4:19**. Anu-ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa pagtitiis ni Cristo, tungkol sa relasyon natin sa kanya, at tungkol sa halimbawang dapat nating tularan sa pagtugon sa ating mga kaaway?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Hirap tayo kung ano ang dapat gawin sa mga taong paulit-ulit na sinusubukang ibagsak tayo. Kaya kailangan natin ang paulit-ulit na tulong ng Panginoon.
- ✓ Kung iginagalang pa rin natin at ginagawan ng mabuti ang kaaway natin - kahit na hindi siya deserving, binibigyan natin ng karangalan ang Diyos – na siya naman ang deserving.
- ✓ Humble yourself. Pareho kayong makasalanan ng kaaway mo. You are not better than anyone.
- ✓ Hope in God. Magtiwala sa kanyang mga pangako. Hindi tayo ang dapat maghiganti. Hayaan natin ang Diyos na maghiganti para sa atin.
- ✓ Kapag may mga nakakasakit sa atin nang paulit-ulit, dapat din nating paulit-ulit na alalahanin ang paulit-ulit na pagmamahal, pagpapatawad at kabutihan ng Diyos sa atin sa kabila ng mga paulit-ulit nating kasalanan laban sa kanya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




☐ **Read.** Basahin ang **1 Samuel 24 & 26.**

- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Pedro 2:21, 23**, “Ang mga pagdurusa ni Cristo para sa atin ang halimbawang dapat nating tularan. Ito ang dahilan kung bakit tayo tinawag, para tularan natin ang buhay ni Cristo…Ininsulto siya pero hindi siya gumanti ng insulto. Pinahirapan siya pero hindi siya nagbanta. Ipinagkatiwala niya ang lahat sa Diyos na humahatol nang makatarungan” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “David and Saul” sa bit.ly/davidsaulsermon.

# Chapter 35 – Death of Saul

Story from **1 Cronica 10; 2 Samuel 1-4**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Nakipaglaban ang mga Filisteo sa mga Israelita. Sa labanang ito namatay si Saul, ang kanyang mga anak at mga tauhan. Namatay si Saul dahil hindi siya naging tapat sa Diyos at hindi siya sumunod sa utos ng Diyos. Bago ang labanan, sa halip na sa Diyos siya humingi ng payo, sumangguni pa siya sa isang espiritista.

Pinatay siya ng Diyos at inilipat ang kaharian kay David.

Pagkaraan ng ilang araw, may isang binatang Amalekita ang pumunta sa kampo ni David para ibalita ang nangyari. Nagpunit pa siya ng damit at naglagay ng abo sa ulo para ipakitang nagluluksa siya. Ibinalita niya kay David na patay na si Saul at ipinagmalaki pang siya ang pumatay. Ibinigay rin niya kay David ang koronang kinuha niya kay Saul.

Pagkatapos, tinanong siya ni David, *"Bakit hindi ka man lang natakot na patayin ang haring pinili ng Diyos? Dahil sa ginawa mo, ikaw lang ang dapat sisihin sa kamatayan mo."* Pagkatapos, tinawag ni David ang isa sa mga tauhan niya at inutusan ito, *"Patayin ang taong ito!"* Kaya pinatay ng tauhan niya ang lalaki.

Dahil sa balitang narinig ni David at ng mga tauhan niya, pinunit nila ang mga damit nila, umiyak, nagluksa at hindi kumain dahil sa nangyari sa bayan ng Diyos – kay Saul, sa mga anak niya at sa mga Israelitang nakipagdigma't namatay. Gumawa si David ng isang awit ng kalungkutan: *"O Israel, dakilang karangalan mo'y namatay sa bundok ng Israel. Nangamatay din ang magigiting mong sundalo. Magdalamhati kayo para kay Saul. Ang magigiting na sundalo ng Israel ay nabuwal at namatay sa labanan. Ang kanilang mga sandata'y nawala."*

Pagkatapos nito, nagsimula ang mahabang labanan sa pagitan ng mga kampi kay Saul at ng mga tapat kay David. Lumalakas nang lumalakas ang grupo ni David. Pero ang kay Saul naman ay humina nang humina.

Nang makahanap ng magandang pagkakataon si Joab, kumander ng kampo ni David, sinaksak niya sa tiyan si Abner, dating kumander ng kampo ni Saul na lumipat na sa panig ni David. Nabalitaan ito ni David at iniutos niya kay Joab at sa mga kasama niya, *"Magluksa kayo at makipaglibing kay Abner."* Nakipaglibing din si David at umiyak nang malakas. Noong

araw na iyon, hindi kumain si David kahit pilitin pa siya ng mga tao. Natuwa ang mga tao sa ipinakita ni David. Nalaman ng lahat na wala siyang kinalaman sa pagkamatay ni Abner.

May natira pang isang anak si Saul na ang pangalan ay Ishboshet. Isang araw, habang nakahiga siya sa kama niya, may dalawang magkapatid ang pumatay sa kanya at pinutol ang ulo niya. Pumunta sila kay David at sinabi, *“Narito po ang ulo ni Ishboshet, anak ng kalaban n’yong si Saul.”*

Sumagot si David, *“Anong gantimpala ang ibibigay ko sa masasamang taong gaya n’yo na pumatay ng isang inosenteng tao!?”* Kaya iniutos ni David sa mga tauhan niya na patayin ang dalawa, at sinunod naman nila ito.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Bakit pinatay ng Diyos si Saul? Bakit niya inilipat ang kaharian kay David?

2. Ano ang nakita n’yong pagkakatulad ng Amalekitang nagsinungaling at sinabing pinatay niya si Saul, ni Joab na pumatay kay Abner, at ng magkapatid na pumatay kay Ishboshet? Bakit sa tingin mo ginawa nila iyon?

3. Ano ang ipinapakita nito tungkol sa natural na kundisyon ng puso ng tao?

4. Ano ang naging tugon ni David sa tatlong pagkakataong iyon? Ano ang ipinapakita nito sa puso ni David?

5. Ano sa tingin mo ang “tono” ng ginawang kanta ni David para sa kamatayan ni Saul? Ano ipinapakita ng awit na ito sa puso ni David?


6. Sa eksenang ito, ano ang nakita mong pinagkaiba ni David kay Saul?

7. Paano dito nasasalamin ang puso ng Diyos? Tingnan ang **Ezekiel 33:11; 2 Pedro 3:9; Juan 3:16**.

8. Ano ang gustong patunayan ng Diyos sa kuwentong ito tungkol kay David na pinili niyang pumalit kay Saul?

9. Sa kuwentong ito, paano mo mas nakilala ang Panginoong Jesus? Ano ang pagkakatulad niya kay Haring David? Ano naman ang pagkakaiba nila? Tingnan ang **Lucas 13:34-35; 19:41**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Makikita ang puso ng isang tao sa mga awit na kinakanta niya. Masaya ang awitan kapag masaya ang kuwento. Malungkot naman ang awit ng isang taong malungkot ang kuwento.
- ✓ Si David ang haring ipinalit ng Diyos kay Saul. Pinatunayan ng Diyos na tama ang kanyang desisyon dahil sinamahan niya si David at nagkaroon siya ng pusong katulad ng sa Diyos.
- ✓ Kinalulugdan ng Diyos ang isang taong may pusong tulad ng sa kanya.
- ✓ Si Jesus ang "true and better David" – iniiyakan niya ang mga namamatay. Kahit mga kaaway niya, iniiyak niya sa Diyos. Sa halip na tayong mga kaaway niya ang mamatay, siya na ang namatay para sa atin para lang tayo mabuhay.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Cronica 10; 2 Samuel 1 & 3**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Ezekiel 33:11**, "Sabihin mong ipinapasabi ko na akong si Yahweh, ang buháy na Diyos, ay hindi nasisiyahan na ang sinuma'y mamatay sa kanyang kasamaan; nais kong siya'y magbagong-buhay. Sabihin mo ngang magbagong-buhay sila pagkat di sila dapat mamatay sa kanilang kasamaan" (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Turns Mourning into Dancing" sa bit.ly/16davidsongs.

# Chapter 36 – King David

Story from **1 Samuel 4, 7; 2 Samuel 5-6; 1 Cronica 16**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Nang mamatay na si Saul na unang hari ng Israel, nagkaisa ang buong Israel na sabihin kay David, *"Mula pa noong una, kahit si Saul pa ang hari, kayo na po ang namumuno sa mga Israelita sa labanan. Sinabi din sa inyo ng Diyos, 'Ikaw ang gagabay sa mga mamamayan ko gaya ng paggabay ng isang pastol sa mga tupa niya. Ikaw ang magiging pinuno nila.'"*

Noon din ay pinahiran nila ng langis si David bilang tanda ng pagkilala sa kanya bilang hari nila. Siya ay 30 taong gulang nang maging hari, at naghari siya sa loob ng 40 taon.

Isang araw, nilusob ni David ang mga Jebuseo na nakatira sa Jerusalem. Buong pagmamalaking sinabi ng mga Jebuseo kay David, *"Hindi kayo makakapasok dito, kahit mga bulag at pilay dito ay kaya kayong pigilan!"*

Sa galit ni David, sinabi niya sa mga tauhan niya, *"Lusubin n'yo ang mga 'bulag at pilay' na Jebuseo!"*

Nasakop ni David ang matatag na kampo ng Zion, doon na siya tumira sa Jerusalem at tinawag niya itong Lungsod ni David. Nagpagawa siya ng pader sa palibot ng Jerusalem. At habang tumatagal lalong nagiging makapangyarihan si David dahil tinutulungan siya ng Diyos na Makapangyarihan.

Nang panahong wala pang hari sa Israel, naagaw ng mga Filisteo ang Kahon ng Kasunduan na kinaroroonan ng presensiya ng Diyos. Matagal din itong namalagi sa kampo ng mga Filisteo, pero nabawi din ito at nanatili nang 20 taon sa bahay ni Abinadab.

Nang si David na ang hari ng Israel, ipinakuha niya ito. Isinakay ito sa kariton na inalalayan ni Uza at Ahio. Pero nang matisod ang baka at hawakan ni Uza ang kahon, nagalit ang Diyos at pinatay niya si Uza. Nagalit din si David sa Diyos dahil sa nangyari.

Noong una, dahil sa takot niya, nagdesisyon siyang huwag munang dalhin sa Jerusalem ang Kahon. Pero hindi nagtagal ay dinala rin niya ito sa Jerusalem.

Habang dala-dala nila ito, sa pangunguna ni David, naghandog sila sa Diyos, nagdiwang, nagsayawan, tumugtog ng mga alpa, lira, tamburin at pompyang. Nagsisigawan sa tuwa ang mga tao. Si Haring David naman ay tuwang-tuwa, nagtatatalon at nagsasasayaw.

Nakita siya sa bintana ng asawa niyang si Mical na anak ni Saul. Sinabi sa kanya ni Mical, *"Hindi ka na nahiya! Kung magsayaw ka para kang hindi hari!"*

Sumagot si David*, "Ginawa ko iyon sa presensiya ng Diyos. Siya ang pumili sa aking maging hari at pumalit sa tatay mo. Ipagpapatuloy ko ang pagsasaya sa presensiya ng Diyos, kahit maging kahiya-hiya pa ako sa paningin ng mga tao."*

Nang araw na iyon, ipinasok ang Kahon sa loob ng Tolda, gaya ng iniutos ng Diyos kay Moises sa Bundok ng Sinai.

At ibinigay ni David sa mga Levita ang awit na ito para ituro sa mga Israelita ang pagpupuri sa Diyos: *"Pasalamatan n'yo ang Diyos. Sambahin n'yo siya! Awitan n'yo siya ng mga papuri; ihayag lahat ng kamangha-mangha niyang mga gawa. Purihin n'yo ang kanyang banal na pangalan. Magalak kayo, kayong mga lumalapit sa Diyos. Alalahanin n'yo ang kamangha-mangha niyang mga gawa. Hindi niya kinakalimutan ang kanyang mga pangako magpakailanman. Purihin si Yahweh, ang Diyos ng Israel, magpakailanman."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang layunin ng Diyos sa pagiging hari ni David?

2. Ano ang kahalagahan ng Jerusalem sa eksenang ito? Anu-ano ang kahalagahan ng lungsod na ito sa buong Kuwento ng Diyos sa Biblia?

3. Bakit sa tingin n'yo nagtatagumpay palagi si David? Dahil ba sa galing niya o ng mga tauhan niya? Ano ang itinuturo sa atin ng Diyos dito?

4. Batay sa mga naunang bahagi na ng Kuwento, ano ang nakita n'yo nang kahalagahan ng Kahon (Ark of the Covenant)?

5. Ano ang naramdaman n'yo sa nangyari kay Uza? Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos at paglapit natin sa kanya?

6. Ano ang naging reaksyon dito ni David? Paano nag-iba ang reaksyong ito?


7. Ano ang masasabi mo sa ginawa ni David na pagsasayaw? Paano tayo katulad ni Mical? Ano ang itinuturo sa atin dito sa ginawa ni David?

8. Ano ang natutunan mo sa kuwentong ito tungkol sa puso ng tao?

9. Paanong ang ginawa ni Jesus para sa atin ay nag-uudyok din sa atin para sumamba't magpuri sa Diyos? Basahin ang **Salmo (Awit) 30:11-12**.

10. Ano ang natutunan mo sa kuwentong ito tungkol sa Diyos?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Makikita ang puso ng isang tao sa mga awit na kinakanta niya. Masaya ang awitan kapag masaya ang kuwento.
- ✓ Ibinabalik ng Diyos ang kanyang mapagpalang presensiya sa isang bayang pinamumunuan ng isang taong nakalulugod sa kanya, sa isang bayang kinikilala ang paghahari ng Diyos.
- ✓ Ang presensiya ng Diyos ay nagdudulot ng pagpapala at kagalakan sa bansa o pamilyang nagpapasakop sa paghahari ng Diyos.
- ✓ Dahil sa kabutihan ng Diyos na ipinaranas sa atin sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus para sa atin, marapat lang na awitan natin siya at purihin – at anyayahan din ang ibang tao na magpuri sa kanya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **2 Samuel 5-6**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Salmo (Awit) 30:11-12**, "Pinawi n'yo ang aking kalungkutan, at pinalitan ng sayaw ng kagalakan. Hinubad n'yo sa akin ang damit ng kalungkutan, at binihisan n'yo ako ng damit ng kagalakan. Para ako ay umawit ng papuri sa inyo, at huwag tumahimik. Panginoon kong Diyos, kayo ay aking pasasalamatan magpakailanman" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Turns Mourning into Dancing" sa bit.ly/16davidsongs.

# Chapter 37 – God's Promise to David

Story from **2 Samuel 7:1-17**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Nanirahan si Haring David sa palasyo niya, at binigyan ni Yahweh ng kapayapaan ang kaharian niya…

Isang araw, sinabi ni David kay Propeta Natan, "*Narito, nakatira ako sa magandang palasyo na gawa sa kahoy ng sedro, pero ang Kahon ni Yahweh ay nasa tolda lang."*

Sumagot si Natan sa hari, *"Gawin mo ang gusto mong gawin dahil sumasaiyo si Yahweh."*

Pero nang gabi ring iyon, sinabi ni Yahweh kay Natan, *"Lumakad ka, at sabihin mo sa lingkod kong si David na ito ang sinabi ko, 'Ipagpapatayo mo ba ako ng bahay na titirhan ko? Hindi pa ako nakakapanahon sa bahay mula noong inilabas ko ang mga Israelita sa Egipto hanggang ngayon. Nagpalipat-lipat lang ako ng lugar at tolda ang pinananahanan ko. Sa paglipat-lipat ko kasama ang mga mamamayan kong Israelita, hindi ako nagreklamo sa mga pinuno nila, na inutusan kong mag-alaga sa kanila, kung bakit hindi nila ako ipinagpapatayo ng bahay na gawa sa kahoy na sedro.'*

*"Sabihin mo pa kay David na ako, ang Makapangyarihang si Yahweh ay nagsasabi, 'Tagapagbantay ka noon ng mga tupa, pero pinili kita para mamuno sa mga mamamayan kong Israelita. Sinasamahan kita kahit saan ka magpunta, at tinatalo ko ang lahat ng mga kalaban mo. Ngayon, gagawin kitang tanyag katulad ng ibang mga tanyag na tao sa mundo. Binigyan ko ng permanenteng lupain ang mga mamamayan kong Israelita, para may sarili silang tirahan at wala nang gagambala sa kanila. Hindi na sila aapihin ng masasamang tao gaya nang dati, mula nang maglagay ako ng mga pinuno sa mga mamamayan kong Israelita. Magiging payapa ang paghahari mo at wala nang kalaban na sasalakay sa iyo.'*

*"'Ako, si Yahweh ay nagsasabi sa iyo na hindi mawawalan ng maghahari galing sa sambahayan mo. Kapag namatay ka at ilibing kasama ng mga ninuno mo, ipapalit ko sa iyo ang isa sa mga anak mo, at patatatagin ko ang kaharian niya. Siya ang magpapatayo ng bahay para sa aking karangalan, at titiyakin ko na ang kanyang angkan ang maghahari magpakailanman.'*

*"'Kikilalanin niya akong ama at kikilalanin ko siyang anak. Kung magkakasala siya, didisiplinahin ko siya gaya ng pagdidisiplina ng isang ama sa kanyang anak. Pero hindi*

*magbabago ang pagmamahal ko sa kanya hindi gaya ng ginawa ko kay Saul na pinalitan mo bilang hari. Magpapatuloy ang paghahari mo magpakailanman, ganoon din ang paghahari ng iyong angkan.'"*

Isinalaysay ni Natan kay David ang lahat ng ipinahayag ng Diyos sa kanya.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang balak gawin ni David? Bakit sa tingin mo hindi ito pinahintulutan ng Diyos?

2. Ang ipinangako ng Diyos ay isang "tipan" o covenant. Ano ang isang "tipan"?

3. Saang bahagi ng Kuwento naalala n'yong nakipagtipan din ang Diyos sa tao at ano ang ipinangako niya? Bakit sa tingin mo ginagawa ito ng Diyos?

4. Ano ang ipinangako ng Diyos kay David na tulad din ng kay Abraham? Ano naman ang iba at espesyal para kay David?


5. Ano sa tingin mo ang naramdaman ni David nang marinig niya ito? Kung sa iyo ito ipinangako ng Diyos, ano ang mararamdaman mo?

6. Sa kuwentong ito, paano mo mas nakilala ang Panginoong Jesus? Tingnan ang **Mateo 1:1; Lucas 1:32-33; Gawa 2:29-32; Pahayag 5:5; 22:16-17**.

7. Saang bahagi ng eksenang ito makikita mong ito ay may kinalaman pa rin sa atin ngayon?

8. Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos? Sa relasyon natin sa kanya?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang plano, layunin at kalooban ng Diyos ang dapat masunod at tiyak na masusunod.
- ✓ Nangako ang Diyos kay David ng isang kahariang pangwalang-hanggan na paghaharian ng mula sa kanyang pamilya. Si Jesus, ang Anak ni David, ang katuparan ng pangako ng Diyos na isang walang-hanggang kaharian.
- ✓ Hindi pa ganap ang katuparan ng pangako ng Diyos, dapat pa nating abangan ang pagdating ng ganap na kaharian ni Jesus.
- ✓ Nais ng Diyos na magtiwala tayo sa pangako niya, maghintay, magpasakop sa kanyang kalooban at hikayatin ang maraming tao na magpasakop din sa kanyang paghahari.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **2 Samuel 7:1-17**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Lucas 1:32-33**, “Magiging dakila siya at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Diyos. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng ninuno niyang si David. Maghahari siya sa mga lahi ni Jacob magpakailanman; ang paghahari niya ay walang katapusan” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Promises an Eternal Kingdom” sa bit.ly/17promise2david.

# Chapter 38 –David's Prayer

Story from **2 Samuel 7:18-29**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Ipinangako ng Diyos kay David na magpapatuloy ang kanyang kaharian magpakailanman. Pagkatapos marinig ni David ang ipinangako sa kanya ng Diyos, nanalangin siya,

*"O Panginoong Diyos, sino po ako at ang sambahayan ko at pinagpala n'yo nang ganito? At ngayon, bukod pa rito, may pangako pa kayo tungkol sa kinabukasan ng sambahayan ko. Ganito ba talaga kayo makitungo sa tao?*

*"Ayon sa pangako n'yo at kalooban, ginawa n'yo po ang dakilang bagay na ito at inihayag n'yo sa akin na inyong lingkod. Panginoong Diyos, dakila kayo. Wala po kayong katulad. Walang ibang Diyos maliban sa inyo. Naging tanyag ang pangalan n'yo dahil sa dakila at kamangha-manghang ginawa ninyo.*

*"Ngayon, tuparin po ninyo ang ipinangako n'yo sa akin na inyong lingkod at sa pamilya ko, para maging tanyag kayo magpakailanman. At sasabihin ng mga tao, 'Si Yahweh ang Makapangyarihang Diyos ng Israel!' At ang pamilya ko ay patuloy na maglilingkod sa inyo magpakailanman.*

*"Panginoon, tunay ngang kayo ang Diyos! Ipinangako n'yo sa lingkod n'yo ang mabubuting bagay na ito, at tapat kayo sa mga pangako n'yo. Ikalulugod n'yo po sanang pagpalain ang pamilya ko para magpatuloy ito sa presensya n'yo magpakailanman, dahil ito po ang ipinangako n'yo. Ang pagpapala sana ninyo ay manatili sa amin magpakailanman."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Paano mo isasalarawan ang naging tugon ni David sa pangako ng Diyos sa kanya?

2. Anong katangian ng Diyos ang binanggit ni David sa pagpupuri niya? Sa tingin mo bakit niya ito nasabi?

3. Ano ang kaugnayan ng hiling ni David at ng pangako ng Diyos? Ano ang itinuturo nito tungkol sa panalangin?

4. Umaasa kaya si David na tutuparin ng Diyos ang mga pangako niya? Paano mo isasalarawan ang saloobin o damdamin ni David sa kanyang panalangin?

5. Saang bahagi ng Kuwento nakita n'yo nang tumupad ang Diyos sa pangako niya?


6. Sa paanong paraan natupad na ngayon ng Diyos pangako niya?

7. Sa paanong paraan hindi pa ito natutupad?

8. Habang naghihintay tayo sa lubos na pagdating ng kaharian ni Jesus, ano ang nais ng Diyos na gawin natin?

9. Ano ang dapat nating pagtulung-tulungan bilang isang iglesya tungkol sa mga lahing hanggang ngayon ay hindi pa nakakakilala kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas? Basahin ang **Mateo 24:14**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Si Jesus, ang Anak ni David, ang katuparan ng pangako ng Diyos na isang walang-hanggang kaharian.

✓ Ang panalangin natin ay hindi lamang paghiling kundi pasasalamat din sa kabutihan ng Diyos. Ang nagtutulak sa ating manalangin ay ang paniniwala natin sa katapatan ng Diyos na tuparin ang kanyang mga pangako. Natutuwa ang Diyos na marinig sa atin na pinanghahawakan natin ang mga pangako niya.

- ✓ Hindi pa ganap ang katuparan ng pangako ng Diyos, dapat pa nating abangan ang pagdating ng ganap na kaharian ni Jesus.
- ✓ Nais ng Diyos na magtiwala tayo sa pangako niya, maghintay, magpasakop sa kanyang kalooban at hikayatin ang maraming tao (lalo na ang mga *unreached people groups*) na magpasakop din sa kanyang paghahari.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **2 Samuel 7:18-29**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Cronica 16:31**, “Magalak ang buong kalangitan at mundo; ipahayag sa mga bansa, “Naghahari ang Panginoon” (ASD); at **Mateo 24:14**, “Ipangangaral sa buong mundo ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos upang malaman ito ng lahat ng [mga lahi], at saka darating ang katapusan” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Promises an Eternal Kingdom” sa bit.ly/17promise2david.

# Chapter 39 – David's Sin

Story from **2 Samuel 11**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Nang panahong pumupunta ang mga hari sa digmaan para makipaglaban, hindi sumama si David at nagpaiwan lang siya sa Jerusalem…

Isang hapon, habang naglalakad siya sa may bubungan ng kanyang palasyo, may nakita siyang isang babaeng naliligo. Napag-alaman niyang ang babaeng ito ay si Batsheba na asawa ng isa sa mga magigiting at mapagkakatiwalaang sundalo ni David.

Ipinatawag niya ito at pagdating ay sinipingan siya ni David. Nabuntis si Batsheba at hindi maikakaila ni David na siya ang ama dahil katatapos lang ng buwanang dalaw ni Batsheba nang may nangyari sa kanila.

Kaya ipinatawag ni David ang asawa ni Batsheba at sinabi sa kanya, *"Umuwi ka muna sa inyo at magpahinga."* Pero hindi siya umuwi at doon lang natulog sa may pintuan ng palasyo.

Nang malaman ito ni David, sinabi niya sa kanya, *"Bakit hindi ka umuwi? Matagal kang nawala sa inyo."*

Sumagot siya, *"Naghahanda po ang mga sundalo n'yo sa labanan. Maaatim ko po bang umuwi sa amin para kumain, uminom at sumiping sa asawa ko? Isinusumpa ko na hinding-hindi ko ito gagawin!"*

Kinabukasan, niyaya siya ni David na kumain at uminom na kasama niya. Nilasing siya ni David. Pero hindi pa rin siya umuwi sa kanila at doon pa rin natulog.

Kinaumagahan nagpadala ng sulat si David sa kumander ng kanyang mga sundalo at ipinadala ito sa asawa ni Batsheba. Nakalagay sa sulat ang utos na ilagay siya sa unahan ng labanan at hayaang mapatay. Sinunod naman ito ng kumander ng sundalo ni David.

Habang nakikipaglaban ang mga Israelita sa kaaway nila, isa sa mga napatay na sundalo ay ang asawa ni Batsheba.

May isang mensahero ang nagbalita kay David tungkol sa mga namatay na sundalo ng Israel. Nabalitaan din niyang patay na ang asawa ni Batsheba.

Nang makarating kay Batsheba ang balita, ipinagluksa niya ang pagkamatay ng asawa niya. Pagkatapos ng kanyang pagluluksa, ipinasundo siya ni David, dinala sa palasyo at ginawang asawa. Hindi nagtagal, nanganak siya ng isang lalaki. Pero ang ginawa ni David ay masama sa paningin ng Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Anu-ano ang naalala n'yong ipinangako ng Diyos kay David?

2. Sa eksenang ito, ano ang nakita n'yong pagkakaiba ng mga ginagawa ng mga sundalo ni David (tulad ng asawa ni Batsheba) sa ginagawa niya?

3. Anu-ano ang naging kasalanan ni David? Ano ang tingin ng Diyos dito?

4. Ano ang ginawang paraan ni David para pagtakpan ang kasalanan niya?

5. Sa anu-anong paraan tulad din niya tayo na pinagtatakpan ang kasalanan natin?


6. Sa kabila ng mga pagpapala ng Diyos, sa tingin mo, bakit kaya nagawa ito ni David?

7. Ano ang matututunan natin sa eksenang ito tungkol sa puso ng tao? Sa pagtingin ng Diyos sa kasalanan?

8. Ano ang malaking pagkakaiba ng Panginoong Jesus kay Haring David? Tingnan ang **Mateo 3:17; Hebreo 4:15**; at **2 Corinto 5:21**.

9. Paano ito nagpapakita sa laki ng pangangailangan natin kay Jesus?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Kahit na ang isang taong tumanggap ng maraming pagpapala sa Diyos ay maaaring mahulog sa kasalanan, kung hindi siya mag-iingat.
- ✓ Nagkakasala ang tao kapag nagnanais siya ng isang bagay na masama sa paningin ng Diyos.
- ✓ Anumang kasalanan ay pagrerebelde sa Diyos, pagsuway sa kanya, paglapastangan sa karangalan niya.
- ✓ Lahat tayo ay nagkasala sa Diyos. Si Jesus lang ang hindi. Siya lang ang nagtagumpay sa lahat ng tukso, nakasunod sa kalooban ng Diyos at lubos na kinalugdan ng Diyos. Siya ang kailangan natin para mapatawad tayo ng Diyos at makalapit sa kanya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **2 Samuel 11**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Hebreo 4:15**, “Ang ating Pinakapunong Paring ito ay nakakaunawa sa ating mga kahinaan sapagkat tulad natin, tinukso siya sa lahat ng paraan, subalit kailanma'y hindi siya nagkasala” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Restores Repentant Sinners” sa bit.ly/18DavidBatsheba.

# Chapter 40 – David’s Repentance

Story from **2 Samuel 12**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Dahil masama sa paningin ng Diyos ang ginawa ni David, ipinadala niya ang propetang si Natan para ihatid sa kanya ang mensahe ng Diyos. Sinabi niya kay David, *“May isang mayaman na maraming tupa at baka. May isa namang mahirap na isa lang ang tupa na binili pa niya. Inalagaan niya ito at lumaking kasabay ng mga anak niya. Pinapakain niya ito, pinapainom, kinakarga sa balikat at itinuturing na parang anak niyang babae. Isang araw, may dumating na bisita ang mayaman, pero ayaw niyang katayin ang tupa o baka niya para ipakain sa bisita niya. Kaya kinuha niya ang tupa ng mahirap at ito ang inihanda para sa bisita niya.”*

Nagalit si David sa mayaman at sinabi, *“Dapat patayin ang taong gumawa niyan! Dapat niya itong pagbayaran ng hanggang apat na beses dahil wala siyang awa!”*

Sinabi ni Natan sa kanya, *“Ikaw ang taong iyon! Ito ang sabi ng Diyos sa iyo: ‘Ginawa kitang hari ng buong Israel. Iniligtas kita kay Saul. Ibinigay ko sa iyo ang kaharian at mga pag-aari niya. Kung kulang pa ang mga ito, bibigyan pa sana kita ng mas marami. Pero bakit sinuway mo ang utos mga ko at ginawa mo ang masamang bagay sa paningin ko. Sumiping ka asawa ng iba at pinatay mo pa ang kanyang asawa. Dahil sinuway mo ako, laging magkakaroon ng patayan at labanan sa pamilya mo. Isa sa pamilya mo ang magrerebelde sa iyo. Sisipingan niya ang mga asawa mo sa harap ng maraming tao. Pasikreto pa ang ginawa mo, pero ang gagawin ko ay makikita ng buong Israel.’”*

Sinabi ni David, *“Nagkasala ako kay Yahweh.”*

Sumagot si Natan, *“Pinatawad ka na ng Diyos, hindi ka na mamamatay dahil hindi na niya ibibilang ang ginawa mong pagsuway laban sa iyo. Pero dahil sa ginawa mo, lalapastanganin ng mga kaaway mo ang pangalan ng Diyos. Kaya siguradong mamamatay ang anak mo.”*

Dahil dito, nagkasakit ang anak ni David. Nakiusap si David sa Diyos na pagalingin ang bata. Hindi siya pinakinggan ng Diyos at namatay din ang bata. Nagluksa silang mag-asawa sa pagkamatay ng anak nila. Di nagtagal, nabuntis ulit si Batsheba at nanganak ng isang lalaki. Pinangalanan siyang Solomon. Minahal ito ng Diyos at nagpadala siya ng mensahe kay Natan na tawaging Jedidiah ang bata, na ang ibig sabihin ay “Minamahal ni Yahweh.”

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Paano ipinakita sa kuwento ni Natan ang kasalanan ni David? Ano ang ipinapakita nito sa ginawa niya?

2. Sa tingin mo, paano pinakita dito ang bisa ng kuwento sa pagtuturo at pagtutuwid sa tao?

3. Paano mo isasalarawan si Natan?

4. Sa tingin mo, sa anong panahon o kanino tayo tinatawag ng Diyos na gawin ang tulad ng ginawa ni Natan kay David?

5. Ano ang parusa ng Diyos kay David? Ano ang itinuturo nito tungkol sa pagtugon ng Diyos sa kasalanan ng tao?


6. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa tunay na pagsisisi? Ano ang kaibahan nito sa maling pagsisisi? Tingnan din ang ilang mga talata sa **Awit 51**.

7. Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa tugon ng Diyos sa mga taong taos sa puso ang pagsisisi? Pagbulayan din ang **Awit 32:1-2** at **103:8-13**.

8. Sa kuwento, saan natin makikita ang habag ng Diyos kay David?

9. Tingnan ang **Mateo 1:1, 6**. Ano ang koneksiyon nito sa kuwento ngayon? Paano mo mas nakilala ang Panginoong Jesus ngayon? Paano ito makapagbibigay ng pag-asa sa iyo? Tingnan din ang **Roma 5:6-11**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ May “consequences” ang kasalanan. Hindi ito basta-basta palalampasin ng Diyos.
- ✓ Ang totoong pagsisisi ay pag-amin na nagkasala sa Diyos, paghingi ng tawad, at pagnanais na muling mabalik ang relasyon sa Diyos.
- ✓ Nagpapatawad ang Diyos dahil siya’y mayaman sa awa at biyaya. Kahit gaano kalaki ang kasalanan natin, higit na mas malaki ang biyaya ng Diyos.
- ✓ May pag-asa ang bawat tao, bawat pamilya na nahulog sa kasalanan at pinagdudusahan ang mga nagawang kasalanan. Nakay Cristo ang pag-asang ito.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **2 Samuel 12**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Roma 5:8-9**, “Pero ipinakita ng Diyos sa atin ang kanyang pag-ibig sa ganitong paraan: Kahit noong tayo’y makasalanan pa, namatay si Cristo para sa atin. At ngayong itinuring na tayong matuwid sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, tiyak na maliligtas tayo sa parusa (“poot”) ng Diyos dahil kay Cristo” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Restores Repentant Sinners” sa bit.ly/18DavidBatsheba.

# Chapter 41 – Temple Preparations

Story from **1 Chronicles 21-22, 28-29**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Nagkaroon ng salot sa Israel dahil hindi nagustuhan ng Diyos ang ginawa ni David na ipinabilang ang mga sundalo niya. Pinagsisihan ni David ang ginawa niya at hiniling sa Diyos na pahintuin na ang salot. Inutusan siya ng Diyos na magtayo ng altar sa may Bundok ng Moria, sa may giikang pag-aari ng isang Jebuseo.

Kinausap ni David ang may-ari, *“Ipagbili mo sa akin ang lupa mo para makapagpatayo ako ng altar para sa Diyos. Babayaran kita kung magkano ang halaga.”*

Sagot ng may-ari, *“Sige po, Mahal na Hari, sa inyo na po iyan. ‘Wag na po kayong magbayad. Bibigyan ko pa po kayo ng kailangan sa paghahandog.”*

Sumagot si David, *“Hindi ko ito tatanggapin nang libre para ihandog sa Diyos. Hindi ako mag-aalay ng handog sa Diyos na walang halaga sa akin.”* Kaya binayaran siya ni David ng 600 pirasong ginto. Sinabi niya, *“Dito sa lugar na ito itatayo ang templo para kay Yahweh.”*

Dahil bata pa noon si Solomon na siyang papalit sa kanya bilang hari, lubos ang paghahandang ginawa ni David sa pagpapatayo ng templo bago siya mamatay. Inihanda niya ang mga kailangang materyales – tone-toneladang ginto, pilak, tanso, bakal, kahoy, at bato.

Ibinilin niya sa anak niyang si Solomon, *“Gusto ko sanang magpatayo ng templo para sa karangalan ng pangalan ni Yahweh, pero hindi niya ako pinayagan dahil sa dami ng labanang napagdaanan ko at dami ng taong napatay ko. Pero sinabi din niya sa akin na ikaw ang papalit sa akin bilang hari at ikaw rin ang magpapatayo ng templo para sa kanya. Gabayan ka sana ng Diyos at magtagumpay ka sana sa pagpapatayo nito.”*

Sinabi din niya sa mga pinuno ng Israel, *“Ihanda na ninyo ang inyong mga sarili sa mga gawain para sa pagpapatayo ng templo para kay Yahweh.”*

Pagkatapos, ibinigay ni David kay Solomon ang lahat ng plano sa pagpapatayo ng templo ayon sa iniutos ng Diyos. Sinabi pa niya, *“Magpakatatag ka at simulan na ang pagpapagawa. Huwag kang matakot o manghina dahil kasama mo ang Diyos. Hindi ka niya iiwan o pababayaan hanggang matapos ang lahat ng gawain para sa templo. Nakahanda na ang mga gamit na kailangan mo at mga taong tutulong sa iyo.”*

Pagkatapos nito, sinabi ni David sa lahat ng mga Israelita, *“Malaki ang gawaing ito, dahil ang ipapatayong gusali ay hindi para sa tao kundi para sa Diyos. Naihanda ko na ang mga materyales para sa templo, at dahil sa kagustuhan kong mayari ito, pati mga personal kong ginto at pilak at mga naipon ko ay ibinigay ko na. Ngayon, sino pa ang gustong magbigay para sa gawain ng Diyos?”*

Pagkatapos, kusang loob na nagbigay ang mga tatay, mga pinuno ng bayan at mga kumander ng mga sundalo. Nagbigay sila ng 175 toneladang ginto, 10,000 perang ginto, 350 toneladang pilak, 630 toneladang tanso, at 3,500 toneladang bakal. Ang ibang mga tao naman ay nagbigay din ng mga mamahaling bato. Masayang-masaya ang mga tao dahil kusang-loob at taos-puso silang nagbigay para sa Diyos.

Masayang-masaya din si David. Kaya pinuri niya ang Diyos, *“O Yahweh, sa inyo ang papuri, kapangyarihan, kadakilaan, tagumpay, at karangalan magpakailanman. Sa inyo nagmumula ang kayamanan at karangalan. Kayo ang nagbibigay ng lakas at kapangyarihan. Nagpapasalamat kami sa iyo. Sino ba naman kami na makapagbibigay ng nag-uumapaw na pagpapalang gaya nito? Lahat naman ng bagay nagmula sa inyo. Ang ibinigay namin galing din naman sa inyo. Pansamantala lang kami dito sa mundo. Ang buhay namin ay gaya ng aninong hindi nananatili. Nakikita n’yo ang puso namin at nasisiyahan kayo kapag nakikita n’yong tapat ito. Tulungan n’yo po kaming lahat na manatiling tapat ang puso namin sa iyo.”*

Pagkatapos sinabi ni David, *“Purihin n’yo si Yahweh na inyong Diyos.”* Kaya lumuhod sila, yumukod at pinuri ang Diyos. Nang sumunod na araw, sinunog nila ang 1,000 toro, 1,000 lalaking tupa, at 1,000 batang tupa bilang handog sa Diyos. Masaya silang nagsalu-salo sa presensiya ng Diyos.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang nasa puso ni David na gawin pero hindi siya pinayagan ng Diyos? Bakit hindi siya pinayagan?

2. Paano nakita sa kuwento kung ano ang nasa puso ni David? Paano siya naging magandang halimbawa para sa anak niyang si Solomon at sa bansang Israel?

3. Paano n'yo isasalarawan ang pagbibigay ni David? Saan sa kuwento makikita 'to?

4. Paano n'yo isasalarawan ang pagbibigay ng mga Israelita? Saan sa kuwento makikita 'to?

5. May sistema ng pag-iikapu (tithing) ang mga Israelita. Halos 23.3% ng kita o ani nila (10% sa mga Levita/pari, 10% sa pagdiriwang ng komunidad, 3.3% para sa mahihirap; kabilang dito ang katumbas ng tinatawag natin ngayon na taxes). Ang pagbibigay ba nila sa kuwentong ito ay kasama sa ikapu? Kung higit pa, ano sa tingin n'yo ang nag-udyok sa kanilang magbigay nang ganito kasagana?

6. Sa atin ngayon, magandang prinsipyo ang pagbibigay ng 10% sa church para matuto tayong magbigay. Pero gusto ng Diyos na matuto tayong magbigay ng higit pa doon. Ikumpara n'yo ang laki ng pagpapala natin ngayon kumpara sa mga Israelita noon. Bakit sa tingin n'yo maraming Cristiano ang ayaw magbigay?

7. Anu-ano ang itinuturo sa atin ng kuwentong ito (lalo na ng panalangin ni David) tungkol sa Diyos, sa ating tao, at sa kayamanan natin?


8. Kung totoo ang mga ito, ano ang nais ipagawa ng Diyos sa iyo ngayon bilang tugon sa kuwentong ito?

9. Ano ang "excuse" mo ngayon para hindi magbigay sa misyon ng Diyos? Paano sa tingin mo sasagutin ng kuwento ngayon ang "excuse" mo?

10. Ano ang nangyari sa dulo ng kuwento? Paano magkakaroon ng pagbabago o adjustments sa pagbibigay mo kung alam mong ganito ang resulta?

11. Paanong ang ginawa ni Cristo para sa atin ang hindi lamang halimbawa kundi siyang motivation na kailangan natin para sa masaganang pagbibigay? Tingnan ang **2 Corinto 8:9** at **9:8**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang Diyos ang may-ari ng lahat – sa kanya galing ang kayamanan at kakayahan natin.
- ✓ May malaking plano ang Diyos para sa kanyang kaharian, para ipakilala kung sino siya sa buong mundo. May bahagi tayo doon.
- ✓ Tayo ay katiwala (hindi may-ari) ng mga kayamanang mayroon tayo. Darating ang araw na ipagsusulit natin ito sa Diyos.
- ✓ Ang pera ay dapat gamitin sa paraang makapagbibigay karangalan sa Diyos.
- ✓ Ang pagbibigay ay dapat na taos-puso, ayon sa kalooban ng Diyos, at sagana.
- ✓ Ang Diyos ang nagbibigay ng kagalakan sa mga taong sagana sa pagbibigay.
- ✓ Ang pagbibigay ay hindi nakadepende sa hirap ng sitwasyon kundi sa masaganang pagpapala ng Diyos na tinanggap natin sa pamamagitan ng Panginoong Jesus.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Cronica 21-22, 28-29**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **2 Corinto 8:9**, “Sapagkat alam naman ninyo ang biyayang ipinakita ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na kahit na mayaman siya doon sa langit ay nagpakadukha siya dito sa mundo alang-alang sa atin, para sa pamamagitan ng kanyang kahirapan ay maging mayaman tayo” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Gives Joy to Kingdom Givers” sa bit.ly/19templeprep.

# Chapter 42 – Solomon's Wisdom

Story from **1 Kings 2-4**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Nang malapit nang mamatay si David, naghabilin siya kay Solomon na kanyang anak. Sabi niya, *"Malapit na akong mamatay. Magpakatatag ka at magpakatapang, at sundin mo lahat ng iniuutos ng Diyos. Kung gagawin mo iyon, magtatagumpay ka sa lahat ng gagawin mo."*

Pagkatapos ng 40 taong paghahari, namatay na si David. Pumalit sa kanya ang anak niyang si Solomon tulad ng ipinangako ng Diyos, at naging matatag ang kaharian niya. Ipinakita niya ang pagmamahal niya sa Diyos sa pamamagitan ng pagsamba sa kanya at pagsunod sa mga habilin ng kanyang ama.

Nang si Solomon ay nasa Gibeon para maghandog, nagpakita sa kanya ang Diyos isang gabi sa kanyang panaginip. Sinabi ng Diyos sa kanya, *"Humingi ka ng kahit ano at ibibigay ko sa iyo."*

Sagot ni Solomon, *"Napakabuti n'yo po sa ama kong si David. Binigyan n'yo pa siya ng anak na papalit sa kanya bilang hari ngayon. O Yahweh, kahit bata pa ako at hindi pa marunong mamahala, ginawa n'yo na akong hari. Bukod pa doon, narito ang inyong mga piniling mapabilang sa kaharian n'yo – hindi mabilang sa sobrang dami! Kaya bigyan n'yo po ako ng karunugan para pangunahan sila, para malaman ko kung ano ang mabuti o di mabuting gawin."*

Natuwa ang Diyos sa hiningi ni Solomon. Sabi ng Diyos sa kanya, *"Dahil ito ang hiningi mo at hindi mahabang buhay o kayamanan o kamatayan ng iyong mga kaaway, ibibigay ko ang kahilingan mo. Bibigyan kita ng karunungan at pang-unawa na hindi pa naaangkin ng kahit sino noon at sa darating na panahon. At kahit hindi mo hiniling, ibibigay ko rin sa iyo ang kayamanan at karangalan para walang ibang haring makapantay sa iyo. Bibigyan din kita ng mahabang buhay kung susunod ka sa akin, tulad ng ginawa ng ama mong si David."*

Pagbalik ni Solomon sa Jerusalem, dalawang babaeng bayaran ang inihirap sa kanya. Sabi ng isa, *"Mahal na Hari, nakatira po kaming dalawa sa isang bahay. Halos magkasunod lang po kami nang nanganak. Isang gabi, nadaganan niya ang anak niya at namatay. Tapos ipinalit niya iyon sa anak ko habang natutulog ako. Paggising ko akala ko patay na ang anak ko, pero nakita kong hindi pala iyon ang anak ko."*

Sumagot naman ang isa, *"Sinungaling! Sa akin ang buhay na sanggol!"* Sabi naman ng isa, *"Ikaw ang sinungaling!"* Kaya nagsagutan sila sa harap ng hari.

Dahil dito, iniutos ni Solomon na bigyan siya ng espada. Inutos niya, *"Para wala nang away, hatiin ang buhay na sanggol na iyan. Ibigay ang bawat kalahati sa kanilang dalawa."*

Sabi ng totoong ina ng buhay na sanggol, *"Maawa po kayo sa sanggol. 'Wag n'yo na pong patayin. Ibigay n'yo na lang sa kanya."* Pero sabi ng isa, *"Sige, mabuti pa ngang hatiin ang sanggol na iyan para walang away."*

Pagkatapos sinabi ni Solomon, *"Huwag n'yong hatiin ang sanggol. Ibigay ito sa babaeng nagmamakaawa. Siya ang tunay na ina."* Nang mabalitaan ng Israel ang hatol na ginawa ni Solomon, lalo silang namangha sa kanya, dahil nakita nilang may karunungan siyang mula sa Diyos.

Binigyan ng Diyos si Solomon ng pambihirang karunungan, pang-unawa at kaalamang di masukat – higit pa sa lahat ng matatalino sa ibang mga bansa. Sumulat siya ng 3,000 salawikain at 1,000 awit. Nabalitaan ng lahat ng mga hari sa mundo ang karunungan niya, kaya nagpadala sila ng mga tao para makinig sa kanyang karunungan.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang hiniling ni Solomon sa Diyos? Anu-ano naman ang hindi niya hiniling? Ano ang ipinapakita nito sa nais ng puso niya?

2. Kung tayo kaya ang bibigyan ng ganoong pagkakataong humiling sa Diyos ng kahit ano at ibibigay ng Diyos, ano kaya ang hihingin natin?

3. Ano ang naging tugon ng Diyos sa hiling ni Solomon? Ano ang ipinapakita nito sa puso ng Diyos? Tingnan ang **Santiago (James) 1:5**.

4. Ano ang matututunan natin sa kuwentong ito tungkol sa panalangin (paghiling sa Diyos)?

5. Ano ang karunungan (*wisdom*)? Ano ang kaibahan nito sa kaalaman (*knowledge*) at pang-unawa (*understanding*)?

6. Ano ang napansin n'yong kaibahan ng karunungang galing sa mundong ito at karunungang galing sa Diyos? Tingnan ang **Santiago (James) 3:13-18**.

7. Paano nakita sa buhay ni Solomon ang karunungang galing sa Diyos? Ano ang naging resulta nito?

8. Gaano kahalaga na magkaroon tayo ng karunungan sa araw-araw? Paano natin ito hahanapin? Basahin ang **Kawikaan 1:1-7; 2:1-6**.


9. Ilan sa *Mga Kawikaan* ay tungkol sa iba't ibang bahagi ng buhay natin. Tandaan na hindi ito pangako na garantisadong palaging nangyayari kundi prinsipyo o gabay sa buhay. Pumili ng isa o dalawang bahagi (depende sa grupo n'yo) sa mga sumusunod at basahin ang mga kawikaang ito. Pag-usapan kung ano ang kahalagahan nito sa buhay at paano ito maisasabuhay.
    a. Pamilya – **21:9, 19; 22:15; 29:15; 30:17**
    b. Kaibigan – **27:5-6; 17:9; 25:21-22**
    c. Pagsasalita – **15:1; 10:19; 20:19**
    d. Trabaho – **13:11; 17:23; 6:6-11**
    e. Kayamanan – **15:16-17; 11:28; 22:26; 11:15; 22:7**

10. Sa kuwento kanina, ano ang nakita n'yong kaugnayan ng karunungan ni Solomon sa relasyon sa Diyos? Iugnay ito sa **Kawikaan 1:7** at **3:5** at sa kuwento nina Adan at Eba.

11. Ano naman ang makikita nating kaugnayan ng karunungan sa relasyon natin sa Panginoong Jesus? Tingnan ang **Mateo 12:42; Colosas 2:3; 1 Corinto 1:30**. Ano ang kinalaman nito sa buhay natin ngayon?

12. Ano ang narining mong sinasabi sa iyo ng Diyos ngayon? Ano ang sinasabi niyang gawin mo bilang tugon sa kuwentong ito?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Sa Diyos nagmumula ang karunungan.
- ✓ Ang karunungan ay ang kakayahang mailapat sa buhay ang mga bagay na nalaman at naunawaan galing sa mga salita ng Diyos.
- ✓ Dapat nating hilingin sa Diyos ang karunungan nang higit pa sa kayamanan. Tiyak tayong ipagkakaloob ito ng Diyos.
- ✓ Ang *Mga Kawikaan* ay isinulat para magkaroon tayo ng karunungan. Ang mga kawikaan ay hindi garantisadong pangako, kundi mga prinsipyo at gabay sa pagdedesisyon sa araw-araw.
- ✓ Ang karunungan ay nagsisimula at nagpapatuloy sa pamamagitan ng isang magandang relasyon sa Diyos.
- ✓ Si Jesus ang ating karunungan.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- □ **Read.** Basahin ang **1 Hari 2-4**.
- □ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Colosas 2:3**, “Si Cristo ang pinagmumulan ng lahat ng karunungan at kaalaman” (ASD).
- □ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Grants Wisdom from Above” sa bit.ly/20Solomon.

# Chapter 43 – Solomon's Temple

Story from **1 Kings 5-8; 2 Chronicles 2-7**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Ayon sa ipinangako niya, binigyan ng Diyos si Solomon ng karunungan. Nang ibalita niya kay Haring Hiram ng Tyre ang planong pagpapatayo ng templo para sa pangalan ni Yahweh, natuwa ito at nagpuri sa Diyos dahil sa karunungan at kapangyarihang bigay ng Diyos kay Solomon. Nagkasundo silang magtutulungan para dito. Pinadalhan siya ng haring ito ng mga kahoy na kailangan. Pinilit naman ni Solomon ang libu-libong Israelita sa pagtatrabaho para sa templo, at pinagtabas ng malalaking bato para sa pundasyon ng templo.

Ika-480 taon noon matapos lumabas ang mga Israelita sa Egipto at ika-apat na taon naman ng paghahari ni Solomon nang masimulan ang pagpapatayo ng templo. Itinayo ito sa Bundok ng Moria, sa lupang binili ni David. Hawig ang plano nito sa Toldang Sambahan (*tabernacle*) pero higit na maganda at malaki. Inihanda ni Solomon ang Pinakabanal na Lugar (*Most Holy Place*) sa loob nito para ilagay ang Kahon ng Kasunduan (*Ark of the Covenant*). Natatakpan lahat ng ginto ang loob ng templo. Nagpagawa din si Solomon ng dalawang kerubim (isang uri ng anghel) sa loob ng Pinakabanal na Lugar. Pitong taon ang inabot bago matapos ang templo, at sinunod ang mga detalye nito ayon sa plano.

Nagpatayo rin si Solomon ng palasyo niya at inabot ito ng 13 taon bago matapos. Higit na mas malaki ito kaysa sa templo. Nagpagawa rin siya ng bahay para sa kanyang asawa na anak ng hari ng Egipto.

Panahon noon ng pista nang ipapasok na ni Solomon sa mga pari ang Kahon ng Kasunduan sa loob ng Templo. Walang ibang laman ang kahong ito maliban sa dalawang batong ibinigay ng Diyos kay Moises kung saan nakasulat ang kasunduan ng Diyos sa mga Israelita. Nagpakalinis ang mga pari. Tumugtog ang mga musikero at ang mga mang-aawit ay nagpuri at nagpasalamat sa Diyos. Inawit nila, *"Si Yahweh ay mabuti; ang pag-ibig niya'y walang hanggan."*

Paglabas ng mga pari, may ulap na bumalot sa templo, binalot ito ng kapangyarihan ng Diyos. Pagkatapos, nanalangin si Solomon, *"Ngayon, nakapagpagawa na ako ng kahanga-hangang templo para sa inyo, kung saan kayo maninirahan magpakailanman."*

Humarap si Solomon sa mga tao at sinabi, *“Purihin natin ang Diyos! Ang templong ito ay katibayan na tinupad niya ang kanyang pangako sa ama kong si David. Ipinatayo ko ang templong ito para bigyang karangalan ang Diyos.”*

Sa pandinig ng mga tao, nanalangin si Solomon, *“Yahweh, Diyos ng Israel, walang ibang Diyos na katulad n’yo. Tumutupad kayo sa pangako n’yo. Ipinapakita n’yo ang pag-ibig n’yo sa mga tapat sa inyo. Patuloy n’yo pong tuparin ang pangako n’yo sa lingkod n’yong si David. Sabi n’yo sa kanya, ‘Laging sa angkan mo magmumula ang maghahari sa Israel kung sila rin ay magiging tapat sa akin tulad mo.’*

*“Pero maninirahan po ba kayo dito sa mundo, pati sa templong ito, kung hindi nga kayo magkasya sa kalawakan? Pakinggan n’yo po ang dalangin ko. Ingatan n’yo po ang templong ito araw at gabi. Pakinggan n’yo po ang dalangin ng mga taong ito. Patawarin n’yo po kami sa tuwing magkasala kami sa iyo. Kung matalo man sila sa labanan, magkaroon ng taggutom, dahil nagkasala sa iyo, at kung lumapit sa iyo at humingi ng tawad, patawarin n’yo po. Turuan n’yo po sila ng matuwid na pamumuhay. At muling ibalik ang pagpapala n’yo sa lupang ito. Alam n’yo po ang puso ng tao, na walang hindi nagkasala kahit isa.*

*“Kung mayroon mang dayuhang nakabalita ng inyong kapangyarihan at nanalangin sa templong ito, pakinggan n’yo rin po para lahat ng tao sa mundo ay kumilala sa inyo.”*

Sinabi niya sa mga tao, *“Maalala sana palagi ng Diyos ang panalanging ito at ibigay lahat ng kailangan natin sa araw-araw. At sana, kayong lahat ay maging tapat sa kanya. Sundin n’yo ang mga utos niya tulad ng ginawa n’yo ngayon.”*

Pagkatapos, naghandog sila sa Diyos ng 22,000 baka at 120,000 tupa at kambing. Sa ganitong paraan, itinalaga nila ang templo para kay Yahweh. Dalawang linggo silang nagdiwang at nagkasiyahan sa presensiya ng Diyos. Pagkatapos, pinauwi na ni Solomon ang mga tao, at umuwi silang masayang-masaya dahil sa lahat ng kabutihang ginawa ng Diyos sa kanyang lingkod na si David at sa kanyang bayang Israel.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang kinalaman ng pagtatayo ng Templo sa Toldang Sambahan na nagsimula noong panahon ni Moises? Ano ang ipinapakita nito sa intensiyon ng Diyos simula pa sa Hardin ng Eden (kina Adan at Eba)?

2. Ano ang kinalaman ng Templo sa pangako ng Diyos kay David?

3. Ano ang makikita nating katangian ni Solomon at ng mga Israelita sa paghahanda sa pagpapatayo ng Templo?

4. Ano ang nakita mong pagkakaiba ng ginawa ni Solomon sa pagpapatayo ng Templo at ng kanyang sariling palasyo at bahay para sa kanyang asawa? May ipinapakita kaya dito tungkol sa puso niya?

5. Ano ang naging tugon ng Diyos sa pagpapatayo ng Templo? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa Diyos?

6. Pansinin ang pagsamba nila, pagdiriwang, at panalangin ni Solomon. Ano ang mapapansin n'yo ditong mga elemento na dapat makita sa isang pagsambang nakasentro sa Diyos?

7. Ano ang nangyari sa dulo ng kuwento? Bakit sa tingin n'yo ganito ang nangyari?


8. Anu-ano ang matutunan natin sa kuwento tungkol sa Diyos? Tungkol sa pagsamba natin sa kanya?

9. Paanong ang disenyo ng Diyos sa Templong ito ay nagkaroon ng katuparan sa pagdating ni Jesus? Tingnan ang **Juan 1:14, 18** at **2:18-22**.

10. Ano ang katumbas ng Templo sa ngayon? Maaaring tingnan ang **1 Corinto 3:16** at **6:19**. Ano ang kaugnayan nito sa kuwento ngayon?

11. Ano ang katumbas ng Templo sa pagbabalik ni Jesus? Tingnan ang **Pahayag 21:3, 22**. Ano ang kaugnayan nito sa kuwento ngayon?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang Templo ni Solomon ay katibayan na ang Diyos ay tumutupad sa pangako niya, na nais ng Diyos na makasama ang tao at sambahin siya ng mga tao.
- ✓ Ang pagsambang nakasentro sa Diyos ang pagsambang nakalulugod sa Diyos. Nananahan ang presensiya ng Diyos sa ganitong klaseng pagsamb at nagdudulot ito sa atin ng nag-uumapaw na kaligayahan.
- ✓ Si Jesus ang katuparan ng intensyon ng Diyos sa Templo. Ang Templo sa ngayon ay ang Iglesia at bawat isang sumasampalataya kay Cristo at pinanahanan ng Banal na Espiritu.
- ✓ Sa pagbabalik ni Jesus, lubos na mananahan ang Diyos sa tao, at sasambahin natin siya magpasawalang-hanggan.
- ✓ Ang personal at sama-samang pagsamba natin ay dapat na palaging nakasentro sa Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Hari 6, 8**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Juan 1:14**, “Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohann ang mga sinasabi niya” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Indwells God-Centered Worship” sa bit.ly/21Temple.

# Chapter 44 – The Song of Solomon

Story from **Song of Songs 1-8**

### Pakinggan mo ang kuwento…





[Pwedeng gawing role-play, mas maganda kung mag-asawa]

Babae: *Sana'y paliguan mo ako ng halik, dahil mas matamis pa sa katas ng ubas ang iyong pag-ibig… Isama mo ako; umalis na agad tayo. Ikaw ang aking hari…*

Lalaki: *Napakaganda ng iyong mga pisngi, na lalong pinaganda ng mga hiyas. O anong ganda rin, ng leeg mong sinuotan ng kwintas…O napakaganda mo aking giliw. Mga mata mo'y kasing pungay ng mata ng kalapati.*

Babae: (tingin sa mga tao) *Kayong mga dalaga…mangako kayo sa akin…na hindi n'yo pipiliting ang pag-ibig ay umusbong hangga't hindi pa dumarating ang tamang panahon.*

Lalaki: *Halika na irog kong maganda at sa akin ay sumama ka…Halika na irog kong maganda, sa akin ay sumama ka na.*

Babae: (tingin sa mga tao) *Kayong mga dalaga…mangako kayo sa akin…na hindi n'yo pipiliting ang pag-ibig ay umusbong hangga't hindi pa dumarating ang tamang panahon.*

Lalaki: *Napakaganda mo, O irog ko…Ang mga labi mo'y parang pulang laso, tunay ngang napakaganda…O irog ko, ang lahat sa iyo'y maganda. Tunay ngang walang maipipintas sa iyo. O aking magiging kabiyak, sumama ka sa akin…O irog ko na aking magiging kabiyak, sa isang sulyap mo lamang at sa isang bato lamang ng iyong kwintas ay nabihag mo na ang aking puso. Ang pag-ibig mo aking irog ay walang kasintamis…O irog ko, tulad ka ng isang hardin na may bukal at nababakuran.*

Babae: (tingin sa mga tao) *Ang aking mahal ay makisig at mamula-mula ang kutis. Sa sampung libong lalaki ay nag-iisa lamang siya…Napakaganda niyang pagmasdan. Kay tamis ng kanyang bibig. Tunay ngang siya'y kaakit-akit. O mga babae, siya ang aking mahal, ang aking iniibig…Ako'y sa aking mahal, at ang mahal ko naman ay sa akin.*

Lalaki: *O napakaganda mo, irog ko. Huwag mo akong titigan dahil hindi ko ito matagalan. Nag-iisa lang ang aking sinisinta. Tunay na maganda at walang kapintasan…Ang samyo ng iyong hininga'y parang mansanas. Ang halik mo'y kasintamis ng pinakamasarap na katas ng ubas.*

Babae: (Tingin sa mga tao) *Ako'y sa aking mahal, at ako lamang ang kanyang ninanasa.* (Tingin sa asawa) *Halika mahal ko, pumunta tayo sa bukid at doon magpalipas ng gabi, sa tabi ng mga bulaklak…At doon ipadarama ko sa iyo ang aking pagmamahal*…(Tingin ulit sa mga tao) *Kayong mga dalaga…mangako kayo sa akin…na hindi n'yo pipiliting ang pag-ibig ay umusbong hangga't hindi pa dumarating ang tamang panahon.* (Tingin ulit sa asawa) *Isarado mo ang iyong puso para sa iba maliban sa akin. At ang mga bisig mo'y ako na lamang ang yakapin. Sapagkat makapangyarihan ang pag-ibig gaya ng kamatayan…Ang pag-ibig ay parang lumiliyab at lumalagablab na apoy.*

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Basahin ang **Awit ng mga Awit 1:1**. Ano ang ibig sabihin ng "awit ng mga awit"? Bakit ito ang pinakamagandang awit?

2. Ano ang naramdaman mo habang pinapakinggan 'to? Bakit kaya ganoon?

3. Bakit hindi natin dapat ipagtaka na may ganitong awit sa Bibliya? Iugnay ito sa kuwento nina Adan at Eba.


4. Ano ang matutunan natin tungkol sa "sex" at "intimacy" sa buhay may-asawa? Tingnan ang tatlong beses na inulit na pangungusap sa **2:7; 3:5; 8:4**.

5. Ano ang matututunan natin dito tungkol sa Diyos na siyang lumikha ng pag-aasawa?

6. Paanong ang relasyon ng mag-asawa ay nagtuturo sa atin tungkol kay Cristo at sa kanyang relasyon sa church? Tingnan ang **Efeso 5:31-32**.

7. Kung may asawa ka, ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin mo? Kung single ka, ano ang kahalagahan nito sa iyo?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Natutuwa ang Diyos sa mainit na pagmamahalan ng mga mag-asawa.
- ✓ Ang "sex" ay mabuti at ideya ng Diyos para sa ikasisiya ng mag-asawa at para sa ikararangal ng Diyos.

- ✓ Ang "sex" ay pisikal na representasyon ng nais ng Diyos na espirituwal na init ng relasyon na dapat meron tayo sa kanya.
- ✓ Ang pag-aasawa at ang init ng relasyon ng mag-asawa ay nagtuturo sa atin sa pinakamahalagang relasyon na meron tayo kay Cristo.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Awit ng mga Awit 1-8**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Efeso 5:31-32**, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.' Kamangha-mangha itong malalim na katotohanan na ipinahayag ng Diyos. Isinasalarawan nito ang ugnayan ni Cristo at ng iglesya niya" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Celebrates Sexual Love in Marriage" sa bit.ly/22marriage.

# Chapter 45 – Solomon's Fall

Story from **1 Kings 3:1; 11:1-14, 26**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Nakipag-isa si Solomon kay Faraon na hari ng Egipto at naging asawa niya ang anak nito. Bukod doon, marami pang dayuhang babae ang inibig ni Solomon. May mga asawa pa siyang Moabita, Ammonita, Edomita, Sidonita, at Heteo – kahit na sinabihan pa siya ng Diyos na huwag mag-aasawa ng mga ganyang babae dahil ilalayo lamang siya ng mga ito para sumamba sa ibang Diyos.

May 700 asawa pa si Solomon na puro mga prinsesa, at may 300 pa siyang asawang alipin. Ang mga ito ang nagpalayo sa kanya sa Diyos. Hanggang sa pagtanda ni Solomon, hindi na naging maganda ang relasyon niya sa Diyos, hindi tulad ng ama niyang David. Sumamba siya kay Ashtoret, diyosa ng mga taga-Sidon, at kay Molec, ang kasuklam-suklam na Diyos ng mga Ammonita. Nagpagawa pa siya ng bahay-sambahan para kay Kemosh, ang kasuklam-suklam na Diyos ng mga Moabita, pati para sa lahat ng mga Diyos-Diyosan ng mga asawa niya.

Ang mga ginawa ni Solomon ay kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos. Hindi siya naging tapat sa pagsunod sa Diyos, di tulad ng kanyang amang si David.

Nagalit ang Diyos kay Solomon dahil sa pagtalikod niya sa Diyos, ang Diyos ng Israel, ang Diyos na nagpakita sa kanya nang dalawang beses. Kahit na binalaan na niya si Solomon na huwag sumunod sa ibang mga Diyos, hindi pa rin sumunod si Solomon sa kanya.

Kaya sinabi ng Diyos sa kanya, *"Dahil hindi mo tinupad ang kasunduan at ang utos ko, kukunin ko sa iyo ang kaharian mo at ibibigay ko sa isa sa mga tauhan mo. Pero dahil sa iyong amang si David hindi ko ito gagawin habang buhay ka pa. Gagawin ko ito sa panahon ng paghahari ng anak mo. Pero hindi ko kukunin ang buong kaharian sa kanya, magtitira ako ng isang angkan dahil sa aking lingkod na si David at dahil sa Jerusalem na aking lungsod na pinili para sa aking pangalan."*

Pagkatapos nito, pinahintulutan ng Diyos na may kumalaban kay Solomon na mga hari ng ibang bansa. Nagkaroon ng kaguluhan sa kanyang kaharian. Pati isa sa mga opisyal niya ay kumalaban na rin sa kanya. Nagpatuloy ang kaguluhang ito hanggang mamatay si Haring Solomon.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano'ng mga kasalanan ni Solomon tungkol sa pag-aasawa? Ano ang naging epekto nito sa relasyon niya sa Diyos?

2. Bakit nagalit ang Diyos sa kanya?

3. Sa anu-anong paraan din tayo sumusuway sa disenyo ng Diyos sa pag-aasawa at tungkol sa "sex"? Pag-usapan kung bakit pagsuway sa Diyos ang pre-marital sex, adultery, pornography, masturbation, at iba pang "sexual sins."

4. Anu-ano ang naging epekto ng pagsuway ni Solomon?

5. Sa atin naman, anu-ano sa tingin n'yo ang di magandang epekto ng pagsuway natin sa disenyo ng Diyos sa pag-aasawa at sex?


6. May nakita ba kayong ebidensiya ng biyaya (grace) ng Diyos sa kabila ng pagsuway ni Solomon? Saan?

7. Ano ang naramdaman mo sa sinapit ng buhay ni Solomon? Ano ang nais ituro sa atin ng Diyos dito tungkol sa kanya at sa layunin niya?

8. Sa kabila ng mga kasalanang nagawa natin, paano natin mapanghahawakan ang biyaya ng Diyos na nakay Cristo para sa paghilom ng anumang sugat na nasa puso natin dahil sa kasalanan? Basahin ang **1 Corinto 6:9-11**.

9. Sa kabila ng patuloy na hirap na nararanasan natin sa pakikipaglaban sa kasalanan at sa pagsisikap na manatiling tapat sa relasyon sa Diyos at sa pamilya, ano ang inaabangan nating pangako ng Diyos? Basahin ang **Pahayag 19:6-8**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang “sex” ay pisikal na representasyon ng nais ng Diyos na espirituwal na init ng relasyon na dapat meron tayo sa kanya.
- ✓ Kapag sumuway tayo sa disenyo ng Diyos sa pag-aasawa at sa “sex,” hindi ito ikinatutuwa ng Diyos at nagdudulot sa buhay natin ng maraming sakit at sugat sa puso.
- ✓ Sapat ang biyaya ni Cristo para mapatawad ang mga pagsuway natin at pagalingin ang sugat sa ating mga puso.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Hari 3:1; 11:1-14, 26**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Corinto 6:11**, “Ngunit nilinis na kayo sa inyong mga kasalanan at ibinukod na kayo ng Diyos para maging kanya; itinuring na kayong matuwid dahil sa Panginoong Jesu-Cristo at sa Espiritu ng ating Diyos” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Celebrates Sexual Love in Marriage” sa bit.ly/22marriage.

# Chapter 46 – Solomon’s End

Story from **1 Kings 9-11; Ecclesiastes**

## Panimulang Usapan…



1. Ano ang hindi mo makakalimutan sa nakaraang kuwento? Paano mo ito naisabuhay nitong nakaraang linggo?

2. Anong isang bagay ang naranasan mo na pagkatapos mong magpakapagod nang sobra, paglaanan ng maraming panahon, o pagkagastusan nang malaki ay nauwi rin sa wala?


3. Ganito rin ang naramdaman ng sumulat ng **Ecclesiastes** (Ang Mangangaral). Basahin ang **1:2** at **12:8**. Anong salita ang paulit-ulit niyang binanggit? Ano ang ibig sabihin nito? Tingnan din ang pagsasalarawan niya ng ibig sabihin nito sa **1:14**. Bakit kaya niya nasabing “lahat” ay walang kabuluhan? Totoo kayang “lahat”?

4. Basahin ang ilan sa mga sumusunod na talata: **2:1, 11, 19, 21; 1:10-11; 4:7-8; 5:10; 8:14; 12:3-5**. Anu-ano ang binangggit niya ditong walang kabuluhan at bakit?

(Tingnan natin ngayon ang sinapit ng buhay ni Solomon at kung paanong nawalang-kabuluhan ang maraming bagay sa buhay niya…)

## Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkatapos maitalaga ang templo para sa Diyos, nagpakita ulit ang Diyos kay Solomon at sinabi, *“Narinig ko ang hiling mo. Palagi kong iingatan ang templong ito. Kung ikaw ay magiging tapat sa akin, tulad ng iyong amang si David, laging may maghaharing mula sa iyong angkan. Pero kung kayo ay tatalikod sa akin, paaalisin ko kayo sa lupaing ito at itatakwil ko ang templong ito.”*

Pero bukod pa sa templo, sapilitang pinagtrabaho ni Solomon ang mga tao para sa iba pa niyang mga ipinatayong mga proyekto sa Jerusalem, sa Lebanon at sa lahat ng lupaing sakop niya. Nagpatuloy pa rin si Solomon sa paghahandog at pagsamba sa Diyos.

Nang marinig ng reyna ng Sheba ang katanyagan ni Solomon, pinuntahan niya ito para marinig ang karunungan niya. Napahanga siya kay Solomon, *“Totoo nga ang nabalitaan ko. Ang karunungan at kayamanan mo ay higit pa sa mga narinig ko.”* Tumanggap siya ng limang toneladang ginto mula sa reyna. At taun-taon, may dumarating na 23 toneladang ginto para kay Solomon. Halos lahat ng gamit ni Solomon ay ipinagawa niyang yari sa ginto. Walang sinumang hari sa mundo ang makapapantay sa karunungan at kayamanan ni Solomon. Sikat na sikat siya sa buong mundo.

Ginamit ni Solomon ang kayamanan niya para bumili ng 14,000 karwahe at 12,000 sa Egipto. Ginamit din niya ang kapangyarihan niya para magkaroon ng 1,000 dayuhang babae. Inibig niya ang mga ito na naging dahilan para malayo siya sa Diyos. Bukod kay Yahweh, Diyos ng Israel, sinamba din ni Solomon ang mga Diyos-Diyosan ng mga Moabita, Ammonita, at mga taga-Sidon.

Dahil dito, nagalit ang Diyos sa kanya at sinabi, *“Hindi ka nakinig sa mga babala ko sa iyo. Dahil dito, kukuhanin ko ang kaharian sa iyo. Pero hindi ko gagawin sa panahon mo kundi sa panahon ng anak mo. At magtitira ako ng isang angkan para sa lahi mo alang-alang sa aking lingkod na si David.”*

Pinahintulutan ng Diyos na labanan siya ng mga hari ng ibang bansa. Pati sariling niyang tauhang si Jeroboam – na pinamahala niya sa mga trabahador niya – ay kinalaban siya. Nang palabas ito ng Jerusalem, sinalubong si Jeroboam ng propetang ang pangalan ay Ahia. Hinubad ng propeta ang damit niya at hinati sa 12. *“Kunin mo ang sampung piraso dahil ibibigay sa iyo ng Diyos ang sampung angkan ng Israel at ikaw ang maghahari dito. Magtitira lang ako ng isang lahi para kay Solomon.”*

Dahil dito, pinagsikapan ni Solomon na patayin si Jeroboam, pero tumakas ito at tumira sa Egipto hanggang mamatay si Solomon. Apatnapung taong naghari si Solomon sa Israel. Namatay siya, inilibing, at pinalitan ng kanyang anak na si Rehoboam.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



5. Anong naramdaman mo nang marinig mo ang dulo ng kuwento ng buhay ni Solomon? Bakit?

6. Anu-anong bagay ang nakay Solomon na na talaga namang kaiinggitan siya ng maraming tao na gusto ring magkaroon ng mga ganoon?

7. Paanong ang mga bagay na iyon na sa halip na makabuti ay nakasama pa sa kanya? Tingnan din ang **Deuteronomio 17:16-17**.

8. Basahin ang **Ecclesiastes 2:17-20**. Sa anong perspektibo o pananaw nawawalan ng kabuluhan ang "lahat ng bagay"? Bakit walang kabuluhan ang lahat "sa ilalim ng araw" o sa buhay na wala ang Diyos sa sentro?

9. Kung gayon, ano ang dapat nating pagkilala sa Diyos para ang buhay natin ay hindi mawawalan ng saysay? Basahin ang **12:1; 2:24-25; at 12:7, 14**.


10. Paano mo isasalarawan ngayon ang buhay na nakasentro sa Diyos? Ano ang pagkakaiba nito sa buhay na walang kabuluhan?

11. Paano magkakaroon ng ganitong klaseng buhay ang mga taong makasalanan na tulad natin? Ano ang kinalaman dito ng pagdating ng Panginoong Jesus at ng "parang walang kabuluhang" kamatayan niya sa krus? Maaaring basahin **1 Corinto 1:18** at **Juan 10:10**.

12. Kung "Jesus plus nothing equals everything," ano ngayon ang "everything minus Jesus"? Sumasang-ayon ka ba dito? Paano mo ito naranasan sa buhay mo?

13. Sino ang kilala mong tao na sa tingin mo ay parang nawawalan ng kabuluhan ang buhay? Paano mo ibabahagi sa kanya ang napag-aralan natin ngayon? Kailan mo ito gagawin? Maghandang ibahagi sa susunod na linggo kung ano ang nangyari.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Lahat ng bagay sa mundong ito ay walang kabuluhan kung hindi nakasentro sa Diyos ang buhay.
- ✓ Ang mga bagay sa mundong ito ay regalo ng Diyos na dapat nating gamitin para sa karangalan niya at sa kabutihan natin at ng ibang mga tao.

- ✓ Maaaring mapasaiyo ang lahat ng bagay sa mundong ito at mauwi pa rin sa wala ang buhay mo.
- ✓ Ang buhay na hindi mawawalan ng kabuluhan ay ang buhay na nakasentro sa Diyos. Mangyayari lang ito sa pamamagitan ng Panginoong Jesus – sa pagtitiwala at pagpapasakop sa kanya.
- ✓ Jesus plus nothing equals everything. Everything minus Jesus equals nothing.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Hari 11**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Corinto 1:18**, “Ang mensahe ng pagkamatay ni Cristo sa krus ay kamangmangan para sa mga napapahamak, ngunit sa mga naliligtas, ito’y kapangyarihan ng Diyos” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “Life Without God is Nothing” sa bit.ly/23withoutgod.